


Matapos ang panahon nina Esdras at Nehemias, tatlong dantaong nabuhay sa pinakagilid ng kasaysayan ang probinsya ng mga Judio sa pinakadulong hangganan ng imperyo ng Persia. Itinalaga ng mga mas masigasig ang kanilang sarili sa pagnenegosyo, at iniwan ang kanilang bayan para manirahan sa lahat ng sentrong siyudad sa palibot ng Dagat Mediterraneo. Pero sandantaon pagkatapos ni Nehemias, sa taong 333 bago kay Kristo, nagsimulang maglibot si Alejandrong Dakila sa mga bayan sa Gitnang Silangan, nilulupig ang lahat ng kalabang hukbo at ibinabagsak ang mga hari. At gayong tatlumpung taong gulang siya nang mamatay, ang kanyang mga tagumpay ang nagbukas ng daan para sa kulturang Griyego na may hangaring umunlad, may tiwala sa kakayahan ng tao at mas bukas na diwang nalalampasan ang makasariling nasyonalismo.

Pinaghati-hatian ng mga heneral ni Alejandro ang malawak niyang imperyo. Maunawain ang mga Tolomeong naghahari sa Ehipto at Palestina kaya hindi nila ginulo ang mga Judio nang dahil sa kanilang relihiyon at mga kaugalian. Pero nang malupig ng mga Antioko ng Siria ang mga Ehipsiyo sa taong 197 at maagaw ang Palestina, marahas nilang ipinagpilitan ang kanilang paganong relihiyon sa mga Judio.

Ang malupit na pag-uusig ang siyang naging sanhi ng pag-aalsa ng mga Judio na pinamunuan ng angkan ng mga Macabeo. Kinikilalang isa sa pinakamagaling na mga libro ng matandang kasaysayan ang Unang Aklat ng Mga Macabeo. Isinasalaysay nito sa atin ang mga pangyayari sa digmaan at mga kabayanihan ng limang magkakapatid na Macabeo mula sa taong 170 hanggang 130 bago kay Kristo.

***Digmaang Banal, Digmaan ng Pagpapalaya***

Ipinakikita sa atin ng libro ng mga Macabeo ang isang bayang naghahangad mabuhay ngunit mas pinahalagahan nila ang pananampalataya kaysa sariling buhay. Kung kailan nakasanayan na ng lahat ang buhay na walang problema, saka naman dumating ang pag-uusig. Marami ang kumbinsido na wala silang anumang magagawa laban sa isang napakalakas na kapangyarihan, at napakahirap makipagsapalaran. Pero nagpapalitaw ang Espiritu ng Diyos ng mga bagong bayani, at salamat sa kanila't nababawi ng bayan ang dangal nito, at naipaglalaban ang mga karapatang saligan ng pagkatao at ng pagsampalataya.

Nakita ng sambayanang Judio na nag-iisa sila laban sa mga umaapi sa kanila, at hindi sila gaanong natulungan ng mga kakampi nilang Romano. Kaya sa sarili nilang lakas sila umasa, at tinulungan naman sila ng Diyos.

Ang mga pakikidigma ng mga Macabeo ay halimbawa ng mga digmaang banal na puno ng kabayanihan at katatagan, at ng pagsaklolo ng Diyos. Pero ipinakikita rin nito na hindi kayang lutasin ng banal na digmaan ang lahat. Bunga ng pagkasangkot sa mga problemang militar, at mula rito'y sa pamumulitika, ang mga inapo ng mga Macabeo ay agad na naging materyalista hanggang sila'y maging isang partido at mga pinunong walang pananampalataya ni moralidad.

**Alejandro**

**1** • 1 Gunitain natin ang nangyari pagka-
tapos ng tagumpay ni Alejandro na anak
ng Macedoniong si Filipo. Pagkaalis sa Gresya,
nilupig niya si Dariong hari ng Persia at Medo.
Naghari muna siya sa Gresya at saka siya hu-
malili kay Dario bilang hari. 2 Marami ang paki-
kipagdigma niya, at kanyang sinakop ang mga
tanggulan at pinatay ang mga hari ng mga
bansang iyon. 3 Dumating siya sa dulo ng daigdig
at nangamkam sa maraming bansa. At nang
maging tahimik ang daigdig at sumailalim sa
kanyang kapangyarihan, naging mapagmataas
siya at palalo. 4 Tinipon niya ang isang malakas
na hukbo, naghari sa maraming probinsya at
bansa, at nagbayad sa kanya ng buwis ang mga
pinuno ng mga iyon. 5 Ngunit nagkasakit siya, at
nang alam niyang mamamatay na siya, ipina-
tawag niya ang kanyang mga heneral at ang
mabunyi niyang mga kababata; at pinaghati-hati
niya ang kanyang kaharian sa mga ito habang
buhay pa siya. Labindalawang taong naghari si
Alejandro bago siya namatay.

6 Agad na naging makapangyarihan ang
kanyang mga heneral, ang bawat isa sa sariling
lugar. 7 Pagkamatay ni Alejandro, kaagad na-
man nilang ginawang hari ang kanilang mga
sarili. Humalili sa kanila sa mahabang panahon
ang kanilang mga anak at nabalot ng kasamaan
ang sanlibutan. 8 Mula sa kanila isinilang ang
isang makasalanang supling, si Antioko Epifa-
nes na anak ni Haring Antioko na nabihag sa
Roma. 9 Naging hari siya sa ikasandaa't tat-
lumpu't pitong taon ng panahong Griyego (175
B.C.).

10 Noon naman lumitaw ang ilang taksil mula
sa Israel, at nakaakit sila ng marami sa pag-
sasabi nilang: 11 "Makipag-ugnayan tayo sa mga
bayan sa ating paligid sapagkat marami ang
naging hirap natin mula nang humiwalay tayo sa
kanila."

12 Sumang-ayon ang marami at buong pa-
nanabik na nagpunta ang ilan sa hari 13 na
nagbigay sa kanila ng kapangyarihang itayo
ang mga institusyon ng mga bansang pagano.
14 Nagtayo sila ng himnasyo sa Jerusalem, tulad
sa mga pagano. 15 Sa pag-oopera'y inilingid nila
ang pagiging tuli at tinalikuran ang Banal na
Tipan; tinularan nila ang mga pagano at ibinenta
ang sarili sa paggawa ng masama.

**Sinamsaman ni Antioko ang Jerusalem**

16 Nang nakatitiyak na si Antioko sa kanyang
paghahari, ipinasya niyang sakupin ang Ehipto
upang makapaghari sa dalawang kaharian.
17 Pinasok niya ang Ehipto, kasama ang ma-
lakas na hukbo, mga karwaheng pandigma,
mga elepante, mga kabayo at isang malaking
hukbong-dagat, 18 at sinalakay si Tolomeong
hari ng Ehipto. Umurong si Tolomeo at tumakas
sa kanyang harap, at marami sa mga sundalo
nito ang nasugatan. 19 Sinakop ang mga na-
papaderang lunsod ng Ehipto at sinamsam ang
lupain. 20 Sa taong sandaa't apatnapu't tatlo
(169 B.C.), nagbalik si Antioko matapos niyang
lupigin ang Ehipto. Nagdaan siya sa Israel at
umahon pa-Jerusalem, kasama ang malakas
na hukbo.

21 Walang-pakundangan niyang pinasok ang
santuwaryo at inalis ang altar na ginto, ang
patungan ng ilaw at lahat ng palamuti niyon,
22 ang hapag na pinag-aalayan ng tinapay, ang
mga sisidlan, mga kopa, mga gintong insen-
saryo, mga kurtina at mga korona, at tinanggal
ang mga gintong palamuting nakatakip sa
harap ng Templo. 23 Kinuha rin niya ang mga
pilak, ginto at mahahalagang bagay at lahat ng
naka-tagong kayamanang natagpuan niya.
24 Kinuha niya ang lahat at bumalik sa kanyang
bayan, pagkatapos magpadanak ng dugo at
magmayabang.

25 Napuno ng dalamhati ang buong lupain ng
Israel: 26 *"Naghinagpis ang mga pinuno at*
*matatanda, nasiraan ng loob ang mga binata at*
*mga dalaga, at namutla ang kababaihan;*
27 *umawit ng panaghoy ang bagong kasal na*
*lalaki at tumangis ang maybahay* 28 *Nayanig*
*ang lupa na nakiramay sa mga taumbayan, at*
*kumalat ang kahihiyan sa buong bayan ni*
*Jacob."*

29 Makalipas ang dalawang taon, pinapunta
ng hari sa mga lunsod ng Judea ang punong-
maniningil ng buwis. Nagpunta siya sa Jerusa-

---

• **1.**1 Ang unang talata ay buod ng kasaysayan mula kay Alejandro hanggang kay Antioko Epifanes na hari ng Siria. Pansinin ang bahaging 1:11-15 na nagbibigay-diin sa simula ng krisis pangmoralidad sa Juda.

Dalawang bagay ang mapagkikilanlan sa kabihasnang Griyego ng mga Sirio:

– Ang sining at ang pagdami ng mga estatwa na kahit na gaano kaganda ay ginagamit naman sa paganong pagsamba.

– Ang edukasyong pisikal: mga istadyum, isports, mga languyan. Hubo't hubad ang mga manlalaro, na isang eskandalo para sa mga Judio. Ipinapaliwanag nito kung bakit kailangang ibalik sa mga nahihiyang makita bilang Judio ang supot ng balat na tinuli sa kanila, sa pamamagitan ng isang operasyon.

lem, kasama ang malakas na hukbo. 30 Mahi-
nahon niyang kinausap ang mga taumbayan
para linlangin ang mga ito. Nang makuha niya
ang kanilang tiwala, bigla niyang sinalakay ang
lunsod at marami ang namatay sa Israel. 31 Pi-
nagnakawan niya ang lunsod, sinunog at wina-
sak ang mga palasyo at mga muog na naka-
paligid dito.
32 Binihag nila ang mga babae at mga bata, at
kinamkam ang mga hayop. 33 At muli nilang
itinayo ang lunsod ni David at nilagyan iyon ng
mataas at makapal na pader na may matitibay
na tore at ito ang naging kuta nila. 34 Naglagay
sila roon ng masasamang tao at mga taksil sa
kanilang relihiyon na naging malakas doon.
35 Inipon nila ang mga sandata at pagkain at
lahat ng nasamsam nila sa lunsod, kaya nanatili
silang isang panganib. 36 Naging tambangan
iyon para sa santuwaryo, isang malubha at
palagiang panganib sa Israel. 37 Pinadanak nila
ang dugo ng mga walang-sala sa paligid ng
santuwaryo at dinungisan iyon.
38 Dahil sa mga taong iyon, tumakas ang mga
taga-Jerusalem. Naging bayan ito ng mga
dayuhan, at naging banyaga sa sariling mga
anak na nagpabaya sa kanya. 39 Naging tiwang-
wang tulad sa disyerto ang kanyang san-
tuwaryo, at napalitan ng pagluluksa ang kan-
yang mga kapistahan. Pinagtawanan ang kan-
yang mga Araw ng Pahinga, at minaliit ang
kanyang katanyagan. 40 Kung ano ang laki ng
kanyang luwalhati ay gayundin naman ang kan-
yang kahihiyan, at nauwi sa dalamhati ang
kanyang kadakilaan.

**Panrelihiyong pag-uusig**

• 41 Iniutos ni Haring Antioko na maging
iisang bayan lamang ang lahat ng nasa
kanyang kaharian. 42 Kailangang taliku-
ran ng bawat isa ang kanilang mga kau-
galian, at sumunod sila sa kautusan ng
hari. 43 Tinanggap ng lahat ng pagano at
ng karamihan sa Israel ang kanyang kulto
at nag-alay sila sa mga diyus-diyusan at
di na iginalang ang Araw ng Pahinga.
44 Ipinadala ng hari ang kautusang nagpa-
pataw ng mga dayuhang kaugalian sa
Jerusalem at sa mga lunsod ng Judea.
45 Alinsunod dito, di na mag-aalay ng mga
sinunog na handog, sakripisyo at haing
pagkain sa santuwaryo. Ituturing na kara-
niwang araw na lamang ang mga Araw ng
Pahinga at mga kapistahan. 46 Lalapas-
tanganin ang santuwaryo at mga banal na
bagay, 47 sa halip ay itatalaga sa mga
diyus-diyusan ang mga altar, banal na
bakuran at mga templo at maghahandog
sila ng mga baboy at maruruming hayop.
48 Di na nila ipatutuli ang kanilang mga
anak na lalaki; dudungisan nila ang kani-
lang sarili sa pamamagitan ng lahat ng uri
ng karumihan at kalaswaan; 49 sa kabu-
uan, malilimutan ang Batas at mapapa-
litan ang lahat ng kanilang kaugalian.
50 Ipinahayag ng kautusan sa wakas: "Pa-
patayin ang sinumang hindi sumunod sa
utos ng hari."

51 Inilathala ng hari ang kautusang ito
sa lahat ng nasasakupan niya at itinalaga
sa lupain ng Judea ang mga inspektor

---

• 41. Dalawang aspeto ng krisis ang inilalahad ng kabanatang ito:

1) Krisis pangmoralidad. Isang mas maunlad pero paganong sibilisasyon ang nakakaharap ng mga Judio. Maaari kayang pakibagayan o pakinabangan ang kulturang ito nang hindi tinatalikuran ang pananampalataya?

Pagbabayaran ng mga Judio sa panahong iyon ang pagkakamaling ginawa nila sa paghiwalay sa pag-unlad ng kultura ng mga karatig-bansa nila. Tatlong dantaon nilang binibigyang-diin na sa Diyos mismo galing ang lahat ng batas at mga kaugalian ng Israel, at hindi puwedeng baguhin ang mga ito. Kaya sa pagdating ng makabagong daloy ng panahon, nagkakrisis sa konsiyensya ang mga may pinakabukas na isipan sa kanila: puwede kaya nilang palitan ang mga kaugalian nang hindi nagtataksil sa Diyos? Pero napakahirap maging bukas sa kabihasnang Griyego nang hindi nagiging rebelde sa pananampalataya. Kaya hindi lamang pinalitan ng mga may gustong maging moderno ang istilo ng kanilang pamumuhay kundi tinalikuran din nila ang kanilang relihiyon. Isipin natin ang nangyayari sa ating panahon ngayon sa pagka-diskubre ng mga kabataang nag-aral sa napakakonserbatibong mga eskwela o parokya ang mga rebolusyonaryong agos ng kaisipan na nagbibigay-sigasig sa kanila.

2) At kasunod naman ang organisadong pag-uusig. Gusto ng makapangyarihang mga hari na pag-isahin ang lahat ng grupo sa kanilang imperyo. Sinasabi nilang nakapagwawatak-watak daw ang relihiyon. At isa pa'y mapanganib para sa kanila ang konsiyensya ng mga taong malaya. Kaya nakikipaglaban ang mga hari sa mga naghahangad maglingkod sa Diyos at sumunod sa kanilang konsiyensiya.

Nag-aalala ang bayan: "Hanggang kailan nila matitiis ang pagsabotahe at panloloko sa kanilang mga gawaing panrelihiyon?"

para tiyakin ang pag-aalay ng mga handog sa lahat ng lunsod. 52 Maraming Israelita ang tumalikod sa Batas at gumawa ng di mabilang na mga kasamaan. 53 Napilitang tumakas at magtago ang mga tapat na Israelita.

54 Sa ikalabinlimang araw ng buwan ng Casleu, sa taong sandaa't apatnapu't lima, ginawa ni Antioko ang *kasuklam-suklam na rebulto ng mangwawasak* sa ibabaw ng altar ng templo. Nagtayo rin ng mga altar sa mga lunsod ng Judea; 55 nagsunog ng insenso sa mga pintuan ng bahay nila at sa mga plasa. 56 Pinunit at sinunog ang bawat aklat ng Batas na makita nila. 57 Pinatay nila ang sinumang mahulihan ng aklat ng Tipan at sumunod sa Batas. 58 Dahil sila ang naghahari, hinabol nila ang mga rebeldeng Israelitang makita sa mga lunsod. 59 Sa ikadalawampu't limang araw ng bawat buwan, nag-aalay sila sa bagong altar na ginawa nila sa ibabaw ng altar ng Templo.

60 Alinsunod sa kautusan, papatayin ang mga babae na kasama ang sanggol nilang nakasabit sa leeg nila na nagpatuli ng kanilang mga anak na lalaki. 61 Papatayin din ang mga kamag-anak nila na gumawa ng pagtutuli.

62 Ngunit sa kabila ng lahat ng ito, marami pa ring Israelita ang nagpaka-tatag at nanindigang di tikman ang maruming pagkain. 63 Mas gusto pa nilang mamatay kaysa dumihan ang kanilang sarili ng di malinis na pagkain at di sundin ang Banal na Tipan. 64 At naranasan ng Israel ang mabigat na pagsubok.

### Paghihimagsik ni Matatias

**2** • 1 Umalis sa Jerusalem nang panahong iyon si Matatias, na anak ni Simon, isang pari sa angkan ni Yarib, at nanirahan sa Modin. 2 Lima ang kanyang mga anak: si Juan na kilala sa tawag na Gaddis; 3 si Simon na tinatawag na Tasi; 4 si Judas na tinatawag na Macabeo; 5 si Eleazar na tinatawag na Abaran; at si Jonatan na tinatawag na Apfos.

6 Nasaksihan ni Matatias ang mga kalapastanganang ginawa sa Judea at Jerusalem, 7 kayat sinabi niya: "Sawimpalad ako! Isinilang ba ako para masaksihan lamang ang pagkawasak ng aking bayan at ang pagguho ng banal na lunsod? Uupo na lamang ba ako samantalang nasa kamay siya ng mga kaaway at ibinigay ang kanyang santuwaryo sa mga dayuhan?

8 Itinulad ang kanyang templo sa isang lalaking nadungisan ang dangal, 9 kinamkam ang kanyang mga mahahalagang bagay, pinatay sa plasa ang kanyang mga sanggol, at pinatay sa saksak ang kanyang kabataan. 10 Aling bansa ang hindi pa nakatatanggap ng kanyang mga kayamanan at nakasasamsam sa kanya? 11 Hinubaran siya ng lahat ng palamuti at ang dating malaya ay naging alipin. 12 Ninakaw ang ipinagmamalaki nating maganda't maluwalhating santuwaryo at nilapastangan ito ng mga pagano. 13 Ano pa ang dahilan para mabuhay tayo?"

14 Winarak ni Matatias at ng kanyang mga anak ang kanilang damit. Nagsuot sila ng sako, at nagluksa. 15 Samantala,

---

Binabanggit sa 1:54 ang "kasuklam-suklam na diyus-diyusan ng mga mananakop," na binabanggit din sa Daniel 9:27. Ganito ang tawag nila sa isang altar na pagano na itinayo sa matandang altar ng Templo. Bibigyan ni Jesus ng bagong kahulugan ang ekspresyong ito sa Mc 13:14.

• **2.**1 Sa digmaang nasa ilalim ng pamumuno ng angkan ng mga Macabeo o ng mga anak ni Matatias matutuon ang buong libro. Narito ang salaysay sa paghihimagsik ni Matatias, ang paring biglang naging lider ng mga inaapi.

*Ako, ang aking mga anak at mga kapatid, mananatili kaming tapat sa Tipan.* Kapwa relihiyoso at makabayan ang kanilang dahilan. Ipinakikipagsapalaran ni Matatias ang lahat laban sa diktadura.

Muling ipinakikita ng Diyos ang kanyang kabutihang-loob sa kanyang bayan sa pagpapalitaw niya ng kinakailangang pinuno, isang taong tulad ni Moises na lubos na kakampi sa kanyang bayan gayong napakadali sana para sa kanya na mapalapit sa mga nasa kapangyarihan.

dumating sa Modin ang mga sugo ng hari
na namilit sa mga Judio na pagtaksilan
ang kanilang relihiyon para isagawa ang
sakripisyo.

16 Maraming Israelita ang lumapit sa
mga sugo ng hari, ngunit lumayo si Mata-
tias at ang kanyang mga anak.

17 Binalingan ng mga sugo ng hari si
Matatias at sinabi sa kanya: "Isa ka sa
mga pinuno ng lunsod na ito, isang taong
kinikilala at tanyag, at sinusunod ka ng
iyong mga anak at kamag-anak. 18 Dapat
ikaw ang unang sumunod sa utos ng hari
gaya ng ginawa ng ibang bansa, ng mga
taga-Judea at mga nalalabing mamama-
yan ng Jerusalem. Ituturing ka at maging
ang iyong mga anak na mga Kaibigan ng
Hari at padadalhan kayo ng hari ng ginto,
pilak at iba't ibang regalo."

19 Ngunit malakas ang sagot ni Mata-
tias: "Tinalikuran man ng lahat ng ban-
sang kabilang sa kaharian ang relihiyon
ng kanilang mga ninuno at sundin ang
utos ni Haring Antioko, 20 ngunit mana-
natili kami ng aking mga anak at kamag-
anak na tapat sa Tipan ng aming mga
ninuno. 21 Hindi kami tatalikod sa Batas
at sa mga tuntunin. 22 Hindi kami susunod
sa mga utos ng hari o lilihis pakanan o
kaya'y pakaliwa sa aming relihiyon.

23 Pagkasabi nito lumapit ang isang
Judio sa harap ng lahat para maghandog
sa altar na itinayo sa Modin ayon sa utos
ng hari. 24 Nang makita ni Matatias ang
ginawa ng Judio, nag-alab ang kanyang
damdamin, bumilis ang tibok ng kanyang
puso, at nagsiklab ang kanyang makata-
rungang galit. Nilundag niya ang Judio
at ginilitan ito ng lalamunan sa altar.
25 Kapagdaka'y pinatay rin niya ang sugo
ng hari na namimilit sa mga taumbayan
na maghandog at winasak niya ang altar.
26 Dahil dito'y naipakita niya ang kanyang
pagmamalasakit sa Batas, tulad din ng
ginawa ni Pinehas kay Zimring anak ni
Salu.

27 At ipinagsigawan ni Matatias sa
buong lunsod: "Lumabas at sumunod sa
akin kayong nagmamalasakit sa Batas at
nagtatanggol sa Tipan!" 28 Mabilis silang
tumakas ng kanyang mga anak papun-
tang kabundukan at iniwan sa lunsod ang
lahat ng kanilang mga ari-arian.

• 29 Pumunta sa disyerto ang maraming
Judiong naghanap ng katarungan ayon sa
Batas. 30 Isinama nila ang kanilang mga
anak, maybahay at mga hayop dahil sa
masyado nang mahirap para sa kanila
ang buhay.

31 At sinabihan ang mga tauhan ng hari
at ang hukbo ni David sa Jerusalem na
may mga lalaking sumuway sa utos ng
hari at lumusong sa mga kuweba sa dis-
yerto.

32 Hinabol ang mga ito ng isang ma-
lakas na hukbo ng hari at inabutan sila.
Pinaligiran at humanda ang hukbo sa
pagsalakay. Araw noon ng Pahinga. 33 At
sinabi nila sa mga Judio: "Tama na! Lu-
mabas na kayo at sundin ang utos ng hari
kung gusto pa ninyong mabuhay." 34 Ngu-
nit sumagot ang mga ito: "Hindi kami
lalabas at di rin namin susundin ang utos

---

• 29. Dalawang magkasalungat na saloobin ng sumasampalataya ang makikita sa tekstong ito.

Ang ilan ay nagpapasya lamang base sa Batas ng Diyos, o ayon sa interpretasyon sa Batas ng Araw ng Pahinga: bawal ang makipaglaban sa araw na iyon na nakatalaga para sa Diyos. At buong kabayanihan nilang pinababayaan na sila'y patayin.

Ginagamit naman ng iba ang kanilang isip at konsiyensya, at ipinapasyang ipagtanggol ang sarili.

Walang sinumang hinuhusgahan ang libro. Ngunit maliwanag na ipinakikita rito na hindi puwedeng kumilos ang mga sumasampalataya sa pamamagitan lamang ng pagtingin sa mga libro o sa nakaraan. Lagi tayong mahaharap sa mga bagong sitwasyon na nangangailangan ng bagong repleksyon: "Hindi ang tao ang ginawa para sa Araw ng Pahinga" (Mc 2:27).

Sa berso 42, matutunghayan natin ang tungkol sa mga *Asideo.* Bago pa nagsimula ang paghihimagsik ni Matatias, may ganito nang kilusan para sa espirituwal na pagbabago na siyang panggagalingan ng mga Pariseo at mga Esenio. Sumama ang mga Asideo sa kanya, pero humiwalay rin nang mapasangkot sa pulitika ang mga anak ni Matatias, ang mga Macabeo.

ng hari para lapastanganin lamang ang
Araw ng Pahinga."

35 Kayat sumalakay ang mga kawal,
36 ngunit hindi ipinagtanggol ng mga
Judio ang kanilang sarili, o inihagis ang
isang bato o isinara ang pinto ng kanilang
taguan. 37 Sinabi nila: "Mamamatay ka-
ming walang kapintasan at laging magu-
gunita ng langit at lupa ang pagkapatay
sa amin." 38 Sinalakay sila ng mga kawal
ng hari sa araw na iyon ng Pahinga, at
namatay ang lahat na naroon – mga la-
laki, mga babae at mga bata – mahigit
sanlibo, di pa kabilang ang mga hayop.

39 Nalaman ni Matatias at ng kanyang
mga kaibigan ang nangyari kayat nag-
luksa sila. 40 Ngunit sinabi nila: "Huwag
nating tularan ang ginawa ng ating mga
kapatid; dapat tayong lumaban alang-
alang sa ating buhay at mga kaugalian;
kundi madali nila tayong malilipol."
41 Nang araw na iyon, ipinasya nilang
"Kung may darating at sasalakay sa atin
sa Araw ng Pahinga, lalaban pa rin tayo at
di pababayaang mapatay tulad sa nang-
yari sa ating mga kapatid sa kanilang mga
taguan."

42 Noon sumama sa kanila ang pangkat
ng mga Asideo, matatapang na mga
Israelita na nagmamahal sa Batas. 43 Su-
mama rin sa kanila ang mga nagnanais na
makaligtas sa paniniil na lalong nag-
palakas sa kanila. 44 Kayat itinatag nila
ang isang hukbo at ibinuhos ang kanilang
galit at poot sa mga makasalanan at
taksil. Tumakas ang mga ito sa ibang
lupain para sa kanilang kaligtasan. 45 Gu-
mawa ng mga pananalakay sa kapaligi-
ran si Matatias at ang kanyang mga kai-
bigan at winasak nila ang mga altar, 46 pi-
nilit na tuliin ang mga batang matagpuan
nilang di pa natutuli, 47 at hinabol ang la-
hat ng palalo. Naging matagumpay sila.
48 Iniligtas nila ang Batas sa mga dayuhan
at sa mga hari at pinawalang-sala ang
mga makasalanan.

**Ang pagkamatay ni Matatias**

49 Nang malapit nang mamatay si Matatias,
sinabi niya sa kanyang mga anak: "Tumitibay
ngayon ang kapalaluan at karahasan; panahon
ngayon ng kaguluhan at ng pagkagalit ng
Diyos. 50 Dahil dito mga anak ko, maging ma-
rubdob ang inyong damdamin sa Batas at itaya
ninyo ang inyong buhay para ipagtanggol ang
Tipan ng ating mga ninuno. 51 Alalahanin ninyo
ang mga ginawa ng ating mga ninuno sa ka-
nilang kapanahunan upang kayo ma'y mag-
tamo rin ng katanyagan at karangalang walang
hanggan.

52 Alalahanin ninyo si Abraham na nagpakita
ng katapatan sa sandali ng pagsubok kayat
itinuring siyang matuwid ng Diyos. 53 Tapat sa
pagtupad sa Kautusan si Jose sa sandali ng
kahirapan kayat naging panginoon ng Ehipto.
54 Nagtamo ng pagkapari para sa kanyang mga
inapo si Pinehas na ating ninuno dahil sa kanyang
marubdob na damdamin. 55 Naging puno ng
Israel si Josue sapagkat tinupad niya ang utos ng
Diyos. 56 Tinanggap ni Kaleb ang kanyang pa-
mana sa lupaing ito sapagkat ipinahayag niya
ang katotohanan sa harap ng kapulungan. 57 At
pinagkalooban nang walang hanggang kaharian
si David dahil sa kanyang kabutihang-loob.
58 Iniakyat sa langit si Elias dahil sa kanyang
marubdob na damdamin sa Batas. 59 Naligtas sa
apoy sina Ananias, Azarias at Misael dahil sa
kanilang pananampalataya. 60 Naligtas si Daniel
sa bunganga ng leon dahil sa kanyang pagka-
matuwid. 61 Unawain ninyo na sa kahit anumang
panahon, di pinanghinaan ng loob ang nagti-
tiwala sa Diyos.

62 Huwag kayong matakot sa banta ng ma-
kasalanan sapagkat mauuwi sa dumi at uod ang
kanyang karangalan. 63 Nagmamalaki siya
ngayon ngunit wala na siya bukas. Babalik siya
sa alabok na pinagmulan niya at walang mai-
iwan sa kanyang mga balak. 64 Lakasan ninyo
ang inyong loob mga anak ko, at maging ma-
tatag kayo sa Batas na siyang pagmumulan ng
inyong kaluwalhatian.

65 Alam kong si Simon ang pinakamahusay
magpasya sa inyo. Pakinggan ninyo siya tulad
ng inyong ama. 66 Naging matapang si Judas
Macabeo mula pa sa kanyang pagkabata: siya
ang gawin ninyong heneral na mamumuno sa
pakikipagdigma sa mga bansa.

67 Iipunin ninyo ngayon ang lahat ng sumu-
sunod sa Batas at ipaghiganti ninyo ang bayan.
68 Gumanti kayo sa mga pagano at sundin ninyo
ang Batas."

69 Binasbasan sila ni Matatias at namatay siya

at pumiling sa kanyang mga ninuno. [70] Namatay siya sa taong sandaa't apatnapu't anim at inilibing siya sa puntod ng kanyang mga ninuno sa Modin; at ipinagluksa siya na tigib ng dalamhati ng buong Israel.

### Judas Macabeo

**3** • [1] Humalili kay Matatias ang kanyang anak na si Judas Macabeo. [2] Tinulungan siya ng kanyang mga kapatid at lahat ng tagasunod ng kanyang ama at buong tatag nilang ipinagpatuloy ang pakikidigma.

[3] *Pinatanyag ni Judas ang pangalan ng kanyang bayan. Isinuot niya ang kanyang baluti at tulad siya ng isang higante: Namuno siya sa maraming pakikihamok at ipinagtanggol ng kanyang tabak ang kanilang kampo.*

[4] *Para siyang isang leon kung sumasalakay, at para siyang batang leon na umaangil sa kanyang sisilain.*

[5] *Hinabol niya ang mga rebelde sa kanilang taguan at itinapon sa apoy ang mga nanggugulo sa kanyang bayan.*

[6] *Kinatakutan siya ng lahat ng rebelde: nalito ang mga gumagawa ng masama; at napagtagumpayan niya ang paglaya.*

[7] *Kinatakutan siya ng mga hari, habang nagagalak ang Israel sa kanyang mga gawa. Pagpapapalain ang kanyang alaala habampanahon.*

[8] *Nagdaan siya sa mga lunsod ng Judea at nilipol ang mga lapastangan. Iniligtas ang Israel sa pagsubok.* [9] *Tanyag hanggang sa dulo ng daigdig ang nagtipon sa mga nawala.*

### Mga unang tagumpay

• [10] Inipon naman ni Apolonio ang mga pagano at marami ring Samaritano para labanan ang Israel. [11] Nabalitaan ito ni Judas at sinalubong niya si Apolonio. Nagapi niya ito at pinatay. Marami sa kaaway ang nasaktan at nagsitakas naman ang iba. [12] Sinamsam nila ang mga ari-ariang naiwan at kinuha ni Judas ang tabak ni Apolonio at mula noon iyon na ang gamit niya sa mga pakikipagdigma.

[13] Nabalitaan ni Seron na pinuno ng hukbo ng Siria na nagtipon si Judas ng mga lalaki at kakampi na nito ang buong pamayanan ng mananampalataya. [14] Inisip niya: "Ito na ang pagkakataon para maging tanyag ako at maging importanteng tao sa kaharian. Sasalakayin ko si Judas at ang mga kasama niyang hindi sumusunod sa mga utos ng hari." [15] At gayon nga ang kanyang ginawa at isang malakas na hukbo ng mga pagano ang

---

• **3.1** Pagkamatay ni Matatias, ang kanyang anak na si Judas ang siyang namuno sa paghihimagsik.

Tatlong dantaong sa mga gawaing pansamba lamang nakapokus ang atensyon ng mga sumasampalataya. Mga pari at mga Levita ang lumilitaw na tanging huwaran ng pananampalataya. Ngayon, may pagbabago dala ng mga pangyayari. Agad na nililingon ng bayang Judio ang panahon ng mga Hukom o ni David. Para sa marami sa kanila, ang nakikipaglabang may hawak na sandata at ipinakikipagsapalaran ang buhay para palayain ang kanyang bayan ang siyang huwaran ng sumasampalataya.

Ang brutal na pag-uusig ang naghatid sa kanila hanggang sa ang pag-iwas na lumaban ay mangahulugan ng pagwawaksi sa lahat ng nagpaging-iba sa bayang Judio sa lahat.

Sa harap ng di-pantay na labanan, inilalahad sa atin ang pagpapahayag ng pananampalataya ni Judas: mapagtatagumpay ng Diyos ang iilan laban sa napakarami. Ganito rin ang sinabi ni David nang harapin niya si Goliat (1 S 14:6 at 17:47).

• 10. Maraming beses na binibigyang-diin ng mga libro ng Mga Macabeo na nakipaglaban ang mga Judio, higit sa lahat, para ipagtanggol ang kanilang Banal na Lugar. Ang templong ito ang simbolo ng kabuuan ng Batas, o ng kabuuan ng kanilang relihiyon.

Kailangang ipaglaban ng lahat ang mga bagay na nagbibigay-kabuluhan sa kanilang buhay, na kung hindi natin maiingatan ay mawawalang-saysay ang magkaroon ng magandang kinabukasan. Para sa mga Judio ng panahong iyon, para na ring itinakwil nila ang kanilang pananampalataya sa oras na talikuran nila ang kanilang mga kaugalian at pagsamba, dahil sa kanila lamang ipinagkatiwala ang mga pangako ng Diyos. Gayong ang Templo mismo ay mga bato at kahoy lamang at may ilang mamahaling metal, hindi nila ito maaaring iwan na hindi nawawala ang kanilang dangal bilang mga tao at ang kanilang bokasyon bilang mga sumasampalataya.

Walang gaanong ikinaiba ang mga Macabeo sa mga nangangahas sa ngayon na ipaalala ang mga karapatan ng mga dukha at hingin ang pagkilos ng lahat sa mga kasalukuyang lipunang itinatag sa pang-aapi. Inaaresto sila, tinotortyur, at namamatay para humingi ng pagbabagong pulitikal. Ngunit sa pamamagitan nito, naipagtatanggol nila ang kanilang pananampalataya. Sapagkat kung magwawalang-kibo sila, mawawala ang kanilang dangal bilang tao at kanilang itatakwil ang espiritu ng katarungan at kalayaan (Gal 5:11-12).

sumama sa kanya upang tulungan siyang
maghiganti sa mga anak ng Israel.
16 Nang malapit na si Seron sa libis ng
Bet-horon, sinalubong siya ni Judas na
kasama ang isang maliit na pangkat ng
mga sundalo. 17 Ngunit nang makita ang
mga kaaway na papalapit sa kanila, si-
nabi nila kay Judas: "Paano natin lalaba-
nan ang napakarami e kakaunti tayo? Isa
pa, nanghihina na tayo sapagkat wala pa
tayong kinakain sa araw na ito."
18 Ngunit ipinahayag ni Judas: "Mada-
ling mahuhulog ang marami sa mga
kamay ng iilan sapagkat pareho rin para
sa Langit kung magtagumpay ito sa tu-
long ng marami o ilan lamang. 19 Hindi
batay sa dami ang tagumpay sa labanang
ito ngunit sa lakas na nanggagaling sa
Langit. 20 Sinasalakay nila tayo dala ng
kapalaluan at kalapastanganan nila sa
Diyos para sakupin tayo at kamkamin
ang ating mga asawa't anak at agawin
ang lahat sa atin. 21 Ngunit ang ating
buhay at Batas ang ipinaglalaban natin.
Lulupigin sila ng Diyos sa ating harapan;
kayat huwag kayong matakot."
22 Pagkatapos niyang magsalita, bigla
niyang sinalakay ang mga kaaway.
23 Natalo si Seron at ang kanyang hukbo.
24 Hinabol nina Judas ang mga ito sa libis
ng Bet-horon hanggang sa kapatagan.
Mga walundaang kawal ni Seron ang na-
sugatan at ang iba nama'y nagsitakas sa
lupain ng mga Pilisteo. 25 Dahil dito, si-
naklot ng takot at pangamba kay Judas at
sa kanyang mga kapatid ang mga paga-
nong naninirahan sa paligid nila. 26 Uma-
bot sa hari ang katanyagan ng kanyang
pangalan at isinalaysay ng mga paga-
nong bansa ang kanyang mga pakikipag-
digma.

**Paghahanda ni Antioko para sa digmaan**

27 Galit na galit ang Haring Antioko nang
dumating ang balitang ito sa kanya. Kayat
iniutos niyang tipunin ang mga makapangyari-
hang hukbo mula sa buong kaharian. 28 Binuk-
san niya ang kanyang kabang-yaman at bi-
nayaran ng isang taong sahod ang kanyang
mga sundalo, at iniutos na humanda sa anu-
mang mangyayari. 29 Ngunit natuklasan niyang
kapos ang salapi sa kabang-yaman sapagkat
bumaba ang buwis ng mga probinsya dahil sa
salungatan at kapahamakang hatid niya sa
bansa nang baguhin niya ang mga kautusang
umiiral noong unang panahon pa. 30 Nanga-
ngamba siyang kakapusin ang pondong pera
niya para sa gastos at mga regalo tulad ng
nangyari na nang ilang beses; sapagkat mas
bulagsak siya kaysa sa mga naunang hari.
31 Nagipit siya at ipinasya niyang magpunta sa
Persia upang maningil ng buwis sa mga probin-
sya para makaipon ng malaking pondo.
32 Iniwan niya si Lisias, isang maharlika sa
angkan ng mga hari, upang mamahala mula sa
Ilog Eufrates hanggang sa gilid ng Ehipto 33 at ito
rin ang magpapalaki sa anak ng haring si
Antioko, hanggang sa kanyang pagbabalik.
34 Isinalin niya kay Lisias ang kalahati sa kan-
yang hukbo, kasama ang mga elepante at tina-
gubilinan ito hinggil sa kanyang mga patakaran.
Tungkol sa mga taga-Judea at taga-Jerusalem,
35 kailangang magpadala ng hukbo si Lisias at
lupigin ang mga tagapagtanggol ng Israel at
lahat ng nalabi sa Jerusalem at lipulin kahit sa
alaala ang mga ito. 36 Kailangan din niyang
patirahin sa buong lupain ang mga banyaga at
bibigyan sila ng lupa.
37 Isinama ng hari ang kalahati sa kanyang
hukbo at umalis sa Antiokia, ang kapitolyo ng
kaharian, sa taong sandaa't apatnapu't pito.
Tumawid siya sa Ilog Eufrates at tumuloy sa
mga probinsya sa hilaga.
38 Pinili ni Lisias mula sa mga Kaibigan ng
Hari sina Tolomeo na anak ni Dorimeno, Ni-
canor at Gorgias – mga lalaking maimplu-
wensya. 39 Kasama ng mga ito, pinapunta niya
ang apatnapung libong lakad na sundalo at
pitong libong kabayuhang sundalo sa probinsya
ng Judea para wasakin iyon tulad sa utos ng
hari. 40 Lumakad sila kasama ang mga sundalo
at nagkampo sa kapatagang malapit sa Emaus.
41 Nabalitaan ng mga negosyante sa paligid ang
kanilang pagdating at nagpunta sila sa kampo
dala ang malalaking halaga ng pilak, ginto at
tanikala, at nakahanda sila para bilhin at gawing
alipin ang mga Israelita. Umanib din sa mga
sundalo ang hukbo ng Siria at mga galing sa
probinsya ng mga Pilisteo.
42 Nakita ni Judas at ng kanyang mga kapatid
na lumulubha ang kanilang kalagayan sapagkat
nagkampo na sa kanilang lupain ang mga ka-
away. Kayat nang mabalitaan nila ang utos ng
hari na lupigin at lipulin ang bayan, 43 sinabi nila:

"Itaas natin ang ating hamak na bayan at ipaglaban natin ito, gayundin ang Banal na Lugar!"

[44] Nagtipon ang buong pamayanan at naghanda sa pakikipagdigma at nanalangin sila at humingi ng habag at awa sa Diyos.

[45] *Tulad sa isang disyerto, nawalan ng tao ang Jerusalem. Wala siyang mga anak na pumapasok o lumalabas. Nilapastangan ang templo at tinirahan ng mga banyaga ang lunsod na naging tirahan na rin ng mga pagano. Wala nang pagsasaya para kay Jacob, wala nang naririnig na plauta o gitara.*

**Paghahanda ni Judas**

[46] Kayat nagtipon sila at nagpunta sa Mizpa sa tapat ng Jerusalem, dahil nagkaroon dati sa Mizpa ng isang dalanginan para sa Israel. [47] Nag-ayuno sila nang araw na iyon, nagsuot ng sako, nagbudbod ng abo sa kanilang ulo at nagwarak ng kanilang kasuotan.

[48] Binuklat nila ang Aklat ng Batas para hanapin ang sagot sa kanilang mga tanong, tulad ng pagsangguni ng mga pagano sa imahen ng mga diyus-diyusan. [49] Dinala nila ang mga kasuotan ng mga pari, ang mga unang bunga ng pananim at ang ikapu ng ani, at ipinasok ang mga Nazir na natupad na ang mga araw ng kanilang pagtatalaga. [50] At saka malakas silang nanaghoy sa Kalangitan at sinabi: "Ano ang gagawin namin sa mga taong ito, at saan namin sila dadalhin [51] kung niyurakan at nilapastangan na ang iyong santuwaryo, at nagluluksa at hinahamak ang iyong mga pari? [52] Nagkakatipon ngayon ang mga pagano upang lipulin kami. Alam mo kung ano ang kanilang binabalak laban sa amin. [53] Paano namin sila malalabanan kung hindi mo kami tutulungan?" [54] At pinatunog nila ang trumpeta at sumigaw nang napakalakas.

[55] Pagkatapos nito, humirang si Judas ng mga pinuno ng mga taumbayan: mga pinuno ng sanlibong tao, mga pinuno ng sandaan, ng limampu, at ng sampu. [56] Pinauwi na niya ang mga nagtatayo ng bahay, mga magpapakasal, mga nagtatanim sa ubasan, at mga natatakot sapagkat ito ang sinasabi sa Batas. [57] At umalis na ang hukbo at nagkampo sa timog ng Emaus. [58] Sinabi ni Judas: "Ihanda ninyo ang inyong mga armas; maging matapang kayo at handang makipaglaban bukas ng umaga sa mga banyagang nagkaisa para durugin tayo at wasakin ang ating Banal na Lugar. [59] Mas mabuti pang mamatay na lumalaban kaysa mabuhay at makita ang pagkawasak ng ating bansa at ng Banal na Lugar. [60] Maganap nawa ang anumang kalooban ng Langit!"

**Si Judas, panalo sa Emaus**

**4** • [1] Nagsama si Gorgias ng limang libong lakad na sundalo at isang libong piniling kabayuhan at lumakad nang gabi [2] para biglaang salakayin at lipulin ang mga Judio. Giniyahan siya ng mga tao mula sa Kuta. [3] Ngunit nabalitaan ito ni Judas kayat umalis siya at ang kanyang mga tauhan upang salakayin ang hukbo ng hari sa Emaus [4] samantalang nakakalat pa sa labas ng kampo ang mga hukbo nito. [5] Dumating si Gorgias sa kampo ng mga Judio kinagabihan ngunit wala siyang dinatnan doon. Kayat hinanap niya ang mga iyon sa kabundukan at naisip niya: "Tinatakasan nila kami."

[6] Nang mag-uumaga na, lumitaw si Judas sa kapatagan, kasama ang tatlong libong kawal na kulang sa sandata o tabak na ginusto nila. [7] Nakita nila ang kampo ng mga pagano at ang matitibay na tanggulan at ang mga kabayuhang nakapaligid doon – pawang mga kawal na sanay sa pakikipagdigma. [8] Sinabi ni Judas sa kanyang mga tauhan: "Huwag kayong matakot sa dami ng kaaway o sa kanilang pagsalakay. [9] Alalahanin ninyo kung

• **4.**1 Ipinadala nila laban kay Judas ang isang koronel, si Apolonio. Pinatay ni Judas ang koronel. Isang heneral naman ang kanilang ipinadala, si Seron: at natalo rin ni Judas ang heneral. At ngayo'y isang malaking hukbong may dalawang heneral ang ipinadadala ni Antioko laban sa mga Judio. Panalo si Judas sa Emaus.

Kapansin-pansin ang saloobin ni Judas at ang kanyang sinabi: *Matapat ang Diyos.*

Tatlong dantaong itinuro sa mga Judio na ang kanilang kasaysayan ay isang serye ng kahanga-hangang pamamagitan ng Diyos (tingnan ang mga libro ng Mga Kronika). Labis nilang binibigyang-diin ang pagtulong ng Diyos kayat parang bale-wala ang kabayanihan ng tao. Alam ni Judas na kailangan siyang kumilos na di naghihintay ng milagro o pagbubunyag. Pagkatapos magtagumpay, saka lamang malalaman ng lahat na ang Diyos pala ang nagligtas sa kanila. Isang kasinungalingan ang humingi ng kapayapaan, pagkain at katarungan sa Diyos nang hindi naman inaalis ang mga istruktura ng pang-aapi.

paanong naligtas ang ating mga ninuno
sa Dagat na Pula nang habulin sila ng
hukbo ng Paraon. 10 Tumawag tayo sa
Diyos, sapagkat maaalaala niya ang
kanyang Tipan at dudurugin ang hukbong
iyon sa harap mismo natin sa araw ding
ito kung loloobin niya. 11 At malalaman ng
lahat ng bansa na May Isang nagpapalaya
at nagliligtas sa Israel."

12 Tumingala ang mga pagano at nakita
nilang lumulusong diretso sa kanila ang
mga Judio, 13 kayat lumabas sila sa kani-
lang kampo upang makipagdigma. Pina-
tunog ni Judas ang mga trumpeta at su-
malakay ang kanyang mga sundalo.
14 Nalupig ang mga pagano at tumakas sa
kapatagan 15 ngunit namatay sa saksak
ang lahat ng nasa hulihan. Hinabol nila
ang mga ito hanggang sa Gazara, sa ka-
patagan ng Idumea, ng Azot at Jamnia, at
nakapatay sila ng mga tatlong libo sa mga
kaaway.

16 Tumigil sa paghabol si Judas at ang
kanyang hukbo, 17 at sinabi niya sa bayan:
"Huwag muna ninyong isipin ngayon ang
pangangamkam sapagkat may isa pang
digmaang naghihintay sa atin. 18 Naroon
si Gorgias at ang kanyang hukbo sa kabu-
rulang malapit sa atin. Humayo kayo at
makipaglaban at saka kayo manamsam
nang walang pangamba." 19 Hindi pa siya
natatapos sa pagsasalita nang makita
niya ang isang kompanya ng mga kaaway
na nagmamasid mula sa burol. 20 Napan-
sin ng mga ito na tumakas na ang mga
kasamahan nila at nawasak na ang ka-
nilang kampo. Sapat nang patunay ang
nakita nilang usok mula sa kampo. 21 Ka-
yat nasindak sila. At nang makita nila ang
hukbo ni Judas na nakahanay sa kapa-
tagan at handang makipagdigma, 22 tu-
makas silang lahat papunta sa lupain ng
mga Pilisteo.

23 Kayat nagbalik si Judas at ang kan-
yang mga kawal para samsamin ang
naiwan sa kampo. Tinangay nila ang ma-
hahalagang ari-arian. 24 At sa kanilang
pagbabalik, nagsiawit sila at nagpuri sa
Kalangitan: *Sapagkat mabuti siya, at
walang hanggan ang kanyang awa.*

25 Dakila ang tagumpay ng Israel sa
araw na iyon. 26 Nagpunta kay Lisias ang
mga paganong nakatakas at sinabi rito
ang nangyari. 27 Nang marinig ito ni Lisias,
nasiraan siya ng loob at nanlupaypay sa-
pagkat di nangyari sa Israel ang kanyang
inaasahan, at di niya natupad ang ipinag-
utos ng hari.

28 Nang sumunod na taon, bumuo siya
ng isang hukbong may animnapung li-
bong tauhan at limang libong kabayuhan
para sumalakay sa mga Judio. 29 Puma-
sok sila sa Idumea at nagkampo sa Bet-
sur. Doon sila hinarap ni Judas na kasama
ang sampung libong tauhan. 30 Nang
makita niya ang kapangyarihan ng ka-
away, nanalangin siya: "Pagpalain ka,
Tagapagligtas ng Israel. Nilupig mo ang
lakas ng mandirigma sa pamamagitan ng
iyong lingkod na si David, at ibinigay ang
kampo ng mga Pilisteo sa kamay ni
Yonatang anak ni Saul at sa tagapagdala
ng sandata nito.

31 Sa gayunding paraan, ipagkaloob
mo ang hukbong ito sa iyong bayang Is-
rael, at gawin mong kahiya-hiya ang
kanilang mga mandirigma at kabayu-
hang hukbo. 32 Punuin mo sila ng takot at
alisin ang tiwala nila sa sariling lakas.
Durugin sila para di na makabawi. 33 Ibi-
gay mo sila sa tabak ng mga tapat sa iyo
para purihin ang iyong pangalan ng lahat
ng nakakakilala sa iyo."

34 Nagsagupa ang dalawang panig at
limang libong kawal mula sa hukbo ni
Lisias ang napatay. 35 Nakita ni Lisias na
nasiraan ng loob ang kanyang hukbo
samantalang si Judas at ang mga sundalo
nito'y lalong tumapang at handang ma-
buhay o mamatay na may kadakilaan.
Kayat tumakas siya papunta sa Antiokia
at nangalap doon ng mga sundalong ba-
yaran upang bumalik sa Judea nang may
mas marami pang tauhan.

**Nilinis ni Judas ang Templo**

• 36 At sinabi ni Judas at mga kapatid nito: "Nalupig na ang ating mga kaaway kayat umahon na tayo at linisin ang Banal na Lugar at muling italaga iyon." 37 At nagtipon ang buong hukbo at umahon sa Bundok Sion. 38 Natagpuan nila roon na nakatiwangwang ang santuwaryo, nilapastangan ang altar, sinunog ang mga pinto, tinubuan na ng mga damong-ligaw ang patyo tulad sa kagubatan o sa kabundukan at wasak ang mga silid. 39 Winarak nila ang kanilang kasuotan at buong pait na nagsitangis. 40 Nagbudbod ng abo sa kanilang ulo ang ilan samantalang nagpatirapa naman sa lupa ang iba. Hinipan nila ang trumpeta at malakas na nanaghoy sa Kalangitan.

41 Pumili naman si Judas ng mga lalaking lalaban sa mga taga-Kuta habang nililinis niya ang Banal na Lugar. 42 Pumili rin siya ng mga paring walang kapintasan na nagpakita ng marubdob na damdamin sa Batas 43 at ipinalinis sa mga ito ang Banal na Lugar at dinala ang mga bato ng *kasuklam-suklam na bagay* sa isang lugar na di malinis.

44 Pinag-usapan nila kung ano ang dapat na gawin sa altar ng mga sinunog na handog na nilapastangan. 45 Minabuti nilang wasakin iyon at nang hindi manatili ang kahihiyang ginawa ng mga pagano. Kayat winasak nila ang altar 46 at inilagay ang mga bato sa isang angkop na lugar sa burol ng Bahay hanggang dumating ang isang propetang magsasalita tungkol dito.

47 Kumuha naman sila ng mga batong di tinapyas ayon sa tagubilin ng Batas, at nagtayo sila ng isang bagong altar na tulad ng dati. 48 Isinaayos nila ang santuwaryo at ang loob ng bahay at itinalaga ang mga patyo.

49 Gumawa sila ng mga bagong banal na sisidlan at ipinasok sa Templo ang kandelabro, ang altar ng insenso at ang mesa. 50 Nagsunog sila ng insenso sa altar, sinindihan ang mga ilawan sa kandelabro at nagsimulang magningning ang mga ito sa Templo. 51 Inilagay nila ang mga tinapay sa mesa at isinabit ang mga kurtina – at natapos nila ang lahat ng ipinasyang gawin.

52 Sa ikadalawampu't limang araw ng buwan ng Casleu, sa taong sandaa't apatnapu't walo (164 B.C.), 53 madaling-araw pa'y bumangon na sila at nag-alay ng sinunog na handog na ginawa nila ayon sa Batas sa bagong altar. 54 Sa gayunding oras at petsa nilapastangan iyon ng mga pagano; ngunit itinalaga ngayon nila ito nang may mga awit at tunog ng gitara, alpa at pompiyang. 55 Nagpatirapa ang buong bayan; sumamba sila at nagpasalamat sa Kalangitang nagbigay sa kanila ng kaligayahan at tagumpay.

56 Walong araw naganap ang pagtatalaga sa altar. Masayang nag-aalay sila ng mga sinunog na handog at isang hain ng pagpupuri at mabuting pagsasamahan. 57 Ginayakan nila ang harap ng Templo ng mga koronang ginto at mga kalasag; naisaayos na muli ang mga pintuan at mga silid at nalagyan ng mga pinto.

58 Lubos na nagsaya ang bayan at nalimutan na ang ginawang paglapastangan ng mga pagano sa Templo. 59 At nagkasundo sina Judas at ang kanyang mga kapatid at ang buong kapulungan ng Israel na buong galak na ipagdiwang taun-taon ang anibersaryo ng pagtatalaga sa altar sa loob ng walong araw, mula sa ikadalawampu't limang araw ng buwan ng Casleu.

---

• 36. Bunga ng mga tagumpay ni Judas, pinirmahan ni Antioko Epifanes IV ang isang kasunduan na nagbibigay ng awtonomiya sa probinsya ng mga Judio (Abril ng taong164 bago kay Kristo). Nagtagumpay ang mga Judio at una nilang inasikaso ang paglilinis ng Templo na nilapastangan ng mga pagano (Disyembre ng taong 164).

Alam ng mga Judio na hindi sila katulad ng ibang mga bayan. Ang Diyos mismo ang nagpapasya ng kinabukasan. Sa anumang pagkakataon, ang pinakakailangan lamang ang nilulutas nila habang hinihintay ang isang propeta na magtuturo sa dapat nilang gawin. Ganito ang makikita natin sa bersikulo 46. Pero parang baligtad ang sitwasyon. May mga propeta noon samantalang ayaw naman silang pakinggan ng mga Israelita. At ngayong wala nang mga propeta ay saka nila gustong makarinig ng mensahe. Hindi na nga magkakaroon pa ng mga propeta hanggang kay Juan Bautista.

60 Sa panahong iyon, nagtayo sila ng mataas
na pader at matibay na tore sa paligid ng Bun-
dok Sion para hadlangan ang mga pagano
sa muling pagsakop doon. 61 Nagtalaga doon si
Judas ng kampo upang maipagtanggol iyon.
Pinatibay rin niya ang Bet-sur upang magka-
roon ng isang kuta ang bayan laban sa Idumea.

**Dumating si Judas para iligtas ang mga nakakalat na Judio**

**5**

• 1 Galit na galit ang mga pagano sa
kapaligiran nang malaman nilang naita-
yong muli ang altar at naitalaga ang santuwaryo
tulad ng dati. 2 Kaya ipinasya nilang lipulin ang
mga inapo ni Jacob na kasama nila at sinimulan
nila ang pagpatay at pagpuksa sa mga Judio.
3 Dinigma naman ni Judas ang mga anak ni
Esau sa Idumea at sa probinsya ng Acrabatane,
sapagkat kinubkob nila ang Israel. Nilupig niya
sila at kinamkam ang mga ari-arian. 4 At na-
gunita niya ang kasamaan ng pangkat ni Balan
na naging salot at bitag para sa mga Judio nang
harangin sila sa daan. 5 Kayat kinulong niya sila
sa kanilang mga tore. Isinumpa niya ang mga ito
at sinunog ang mga tore kasama ang lahat ng
nasa loob.
6 Mula roo'y tumawid siya sa lupain ng mga
Amonita at nakasalubong ang malaki at ma-
lakas na hukbo sa pamumuno ni Timoteo. 7 Na-
kipagdigma siya sa mga ito nang maraming
beses. Dinurog niya ang mga iyon at nilipol.
8 Sinalakay niya at sinakop ang lunsod ng Yazer
pati ang mga kalapit-bayan at nagbalik siya sa
Judea.
9 Nagtipun-tipon ang mga pagano ng Galaad
para durugin ang mga Israelitang naninirahan sa
kanilang lupain ngunit kumanlong ang mga ito
sa kuta ng Datema. 10 Nagpadala sila ng liham
kay Judas at sa mga kapatid niya na ang sabi:
"Nagtipun-tipon ang mga pagano sa aming
paligid upang lipulin kami, 11 at naghahanda
ngayon silang salakayin ang kuta na pinag-
kakanlungan namin. Si Timoteo ang kanilang
pinuno. 12 Pumarito kayo agad at iligtas kami sa
kanila sapagkat marami na sa amin ang nama-
tay. 13 Pinatay ang lahat ng aming mga kapatid
na naninirahan sa lupain ni Tobias, binihag ang
mga babae at mga bata, at mga sanlibong lalaki
ang napatay."
14 Binabasa nila ang liham na ito nang duma-
ting ang ibang mga sugo mula sa Galilea na
winarak ang kanilang mga kasuotan habang
nagbibigay ng mensaheng ito: 15 "Nagsama-
sama na ang mga taumbayan ng Tolemaida,
Tiro, Sidon at ang buong paganong Galilea
upang lipulin kami!"
16 Nang marinig ni Judas at ng kanyang mga
tauhan ang balitang ito, tinipon nila ang isang
malaking kapulungan upang mapagpasyahan
kung ano ang magagawa para sa kanilang mga
kapatid na nagigipit at ipinaglalaban ang kani-
lang buhay. 17 Sinabi ni Judas sa kanyang ka-
patid na si Simon: "Pumili ka ng iyong mga
tauhan; humayo ka at palayain ang ating mga
kapatid sa Galilea; pupunta naman kami ng
aking kapatid na si Yonatan sa Galaad."
18 Iniwan niya ang nalabi sa hukbo sa pamu-
muno ni Joseng anak ni Zacarias at ni Azarias na
puno ng bayan para ipagtanggol ang lupain ng
Judea, 19 at ipinag-utos niya: "Manatili kayong
namumuno sa bayan, ngunit huwag ninyong
sasalakayin ang mga pagano hangga't hindi
kami nakababalik."
20 Tatlong libong tauhan ang itinalaga kay
Simon para sa pagsalakay sa Galilea at walong
libong tauhan naman kay Judas para sa Galaad.
21 Nagpunta si Simon sa Galilea at ginapi ang
mga pagano sa maraming enkuwentro, 22 at
hinabol ang mga iyon hanggang sa mga pintuan
ng Tolemaida. Mga tatlong libong pagano ang
napatay at sinamsam ni Simon ang kanilang
mga ari-arian. 23 At isinama niya ang mga
Judiong nasa Galilea at Arbata, gayundin ang
mga babae at mga bata, lahat ng mga ari-arian
ng mga ito, at dinala sa Judea sa gitna ng ma-
laking pagsasaya.
24 Samantala, tumawid sa Jordan si Judas
Macabeo at ang kanyang kapatid na si Yonatan
at tatlong araw silang naglakbay sa disyerto.
25 Nakasalubong nila roon ang mga Nabateo na
tinanggap silang payapa at ibinalita ang lahat ng
nangyari sa kanilang mga kapatid sa Galaad.
26 Nabalitaan nila na maraming Judio ang ikinu-
long sa Bozra, Bosor ng Alema, Casfo, Maked at
Karnaim na pawang malalaki at napapaderang
lunsod. 27 Marami pang Judio ang nakubkob sa
iba pang lunsod ng Galaad, at binalak ng mga
paganong salakayin ang mga tanggulan sa
susunod na araw upang lipulin ang lahat sa loob
ng isang araw.
28 Biglang lumiko si Judas at ang kanyang
hukbo sa disyerto pa-Bozra. Sinakop niya ang

---

• **5.1** Mabigat ang loob na tinanggap ng mga heneral na taga-Siria ang kasunduang nilagdaan ng hari. Itinaguyod nila ang pag-uusig laban sa mga Judiong nasa karatig na mga teritoryo, na kung minsa'y napakalalaking grupo. Kayat sinimulan ni Judas na iligtas ang kanyang mga kababayang nasa panganib at ibalik sila sa probinsya ng Judea.

lunsod, pinatay sa tabak ang mga lalaki, si-
namsam ang mga ari-arian saka niya sinunog
ang lunsod. 29 Nilisan niya ang lugar kinaga-
bihan at nagpatuloy hanggang makarating sa
kuta. 30 Tumingala ang mga Judio nang ma-
daling araw at nakita ang di mabilang na tao na
may dalang mga hagdan at mga makinang
pandigma para salakayin at sakupin ang kuta.

31 Nakita ni Judas ang nagsisimulang pag-
salakay. Narinig mula sa lunsod ang mga hiya-
wan at ingay ng trumpeta hanggang langit.
32 Sinabi niya sa kanyang hukbo: "Ipaglaban
natin ngayon ang ating mga kapatid." 33 At hinati
niya sa tatlong pangkat ang kanyang mga
sundalo, at sinalakay ang kaaway mula sa liku-
ran, samantalang pinatutunog ang mga trum-
peta at malakas silang nananalangin. 34 Nang
makilala ng hukbo ni Timoteo si Macabeo, nag-
simula na silang tumakas ngunit matinding
dagok ang ipinalasap ni Judas sa kanila at mga
limang libong kaaway ang napatay sa araw na
iyon.

35 Mula roo'y nagpunta si Judas sa Alema.
Sinalakay niya at sinakop ang lunsod, pinatay
ang mga lalaki at sinamsam ang mga ari-arian
saka niya sinunog ang lunsod. 36 Mula roo'y
binihag niya ang Casfo, Maked at Bosor at ang
nalalabi pang mga bayan ng Galaad.

37 Tinipon ni Timoteo ang isang bagong
hukbo pagkatapos ng mga pangyayaring ito at
nagkampo sa tapat ng Rapon sa kabilang ibayo
ng batis. 38 Nagsugo si Judas ng mga tauhan
upang tiktikan ang kampo at bumalik silang
dala ang balitang: "Nakipagsanib na ng lakas
ang lahat ng paganong tagaroon kay Timoteo at
nakabuo ng isang malakas na hukbo. 39 Bina-
bayaran nila ang mga Arabe bilang ayudante, at
nagkakampo sila ngayon sa kabilang ibayo ng
batis, at nakahandang sumalakay sa iyo." Kayat
sumalubong si Judas sa kanila.

40 Nang papalapit na si Judas sa batis ka-
sama ang hukbo nito, sinabi ni Timoteo sa mga
kapitan ng kanyang hukbo: "Kapag nauna
siyang tumawid at sinalakay tayo, hindi na tayo
makakalaban at mananalo siya. 41 Ngunit kung
mag-aatubili siya at magkakampo sa kabilang
ibayo ng batis, tayo ang tatawid at sasalakay sa
kanya at malulupig siya."

42 Nang dumating si Judas sa pampang
ng batis, pinahanay niya ang mga opisyal
at nag-utos: "Walang sinumang mag-
tatayo ng tolda; magpatuloy ang lahat sa
labanan." 43 Si Judas ang unang tumawid
papunta sa kaaway at sumunod ang ba-
yan. Nilupig nila ang lahat ng pagano na
nagbaba ng mga sandata at nanganlong
sa banal na sulok ng Karnaim. 44 Ngunit
sinakop ng mga Judio ang lunsod at sinu-
nog ang banal na sulok ng Karnaim, pati
ang mga taong nasa loob nito. Kayat nali-
pol ang Karnaim at walang sinumang lu-
maban kay Judas.

45 Tinipon ni Judas ang lahat ng Is-
raelita mula sa lupain ng Galaad, hamak
man o dakila, mga babae at mga bata at
ang mga ari-arian ng mga ito, isang di
mabilang na pulutong ang dinala niya sa
lupain ng Judea. 46 Dumating sila sa
Efron, isang mahalaga at napakatibay na
lunsod sa dadaanan nila. Hindi puwedeng
lumiko, maging sa kanan o sa kaliwa,
kaya dapat silang dumaan dito. 47 Ngunit
nagtrinsera ang mga tagaroon at hinara-
ngan ng mga bato ang mga pintuan.
48 Nagpadala si Judas ng mensahe ng ka-
payapaan: "Bayaan ninyong makalam-
pas kami sa inyong lupain sapagkat pa-
uwi na kami sa amin; daraan lamang kami
at hindi mananakit sa inyo." Ngunit ayaw
nilang magbukas.

49 Kayat ipinahayag ni Judas sa kan-
yang hukbo na manatili sa puwesto ang
bawat isa. 50 Pumuwesto ang mga sundalo
at sinalakay ang lunsod sa buong magha-
pon at magdamag hanggang mahulog
iyon sa kanilang mga kamay. 51 Pinatay
nila sa tabak ang mga lalaki, sinunog ang
lunsod at sinamsam ang mga ari-arian,
52 at nagdaan sila sa lunsod sa ibabaw ng
mga bangkay. Narating nila ang malapad
na kapatagan pagkatawid sa Jordan sa
tapat ng Bet-san.

53 Sa buong paglalakbay, pinalalakas ni
Judas ang loob ng kanyang bayan at ti-
nipon ang mga nahuhuli hanggang ma-
karating sila sa lupain ng Judea. 54 Ma-
saya silang umahon sa Bundok Sion at
nag-alay ng mga sinunog na handog sa-
pagkat nakabalik silang ligtas at malusog,
at walang nabawas kahit isa man sa ka-
nila.

**Natalo sina Jose at Zacarias**

• 55 Habang nasa lupain ng Galaad sina
Judas at Yonatan, at nasa Galilea sa tapat
ng Tolemaida ang kanilang kapatid na si
Simon, 56 si Joseng anak ni Zacarias at si
Azarias ang namumuno sa hukbo. Naba-
litaan nila ang maningning na tagumpay
ng mga ito sa pakikipaglaban 57 at sinabi
nila: "Dapat din tayong magtamo ng kara-
ngalan, kayat salakayin natin ang mga
paganong naninirahan sa ating paligid."
58 Kayat inutusan nila ang kanilang
hukbo na salakayin ang Jamnia. 59 Ngunit
lumabas si Gorgias sa lunsod kasama ang
kanyang hukbo at sinalakay sila. 60 Nalupig
sina Jose at Azarias at hinabol hanggang sa
gilid ng Judea. Mga dalawang libong Is-
raelita ang napatay nang araw na iyon.
61 Nalasap ng bayan ang isang mapait na
pagkatalo sapagkat hindi nakinig ang mga
ito kay Judas at sa kanyang mga kapatid sa
paniniwalang sila man ay may kakayahan
din. 62 Hindi sila kabilang doon sa mga
pinagkaloobang magliligtas sa Israel.

63 Pinarangalan nang lubos ang matapang na
si Judas at ang kanyang mga kapatid sa Israel at
naging tanyag sa mga banyagang nakabalita
tungkol sa kanila 64 at marami ang dumating
upang batiin sila.
65 Nagpunta si Judas at ang kanyang mga
kapatid sa Negeb upang kalabanin ang mga
Edomita. Kinubkob niya ang Hebron at ang mga
bayan nito, pinaguho ang mga pader at sinunog
ang mga tanggulang tore. 66 At nagpunta siya sa
lupain ng mga Pilisteo at dumaan sa Marisa.
67 Nang araw ding iyon, napatay ang ilang paring
nagtatapang-tapangan at basta na lamang
sumalakay sa kaaway. 68 Mula roo'y nagpunta si
Judas sa Asdod sa lupain ng mga Pilisteo.
Winasak niya ang mga altar niyon, sinunog ang
mga imahen ng kanilang mga diyos at sinam-
saman ang lunsod, at nagbalik siya sa Juda.

**Mga huling araw ni Antioko Epifanes**

6 • 1 Nagdaraan si Haring Antioko sa mataas
na lupain ng Persia nang matanggap niya
ang balita tungkol sa Elimaida, isang lunsod na
tanyag sa pilak at ginto. 2 Lalong mayaman ang
templo ng lunsod at maraming gintong kalasag,
pektoral at sandatang naiwan doon ang hari ng
Macedonia, si Alejandrong anak ni Felipe, ang
unang hari ng mga Griyego. 3 Kayat nagpunta
roon si Antioko at hinangad niyang sakupin at
samsaman ito, ngunit hindi puwede sapagkat
nabalitaan ng mga taumbayan ang kanyang
layunin at sinalubong siyang sandatahan ng
mga ito. 4 Kayat tumakas siya at buong ka-
paitang bumalik sa Babilonia.
5 Habang nasa Persia pa siya, nabalitaan niya
na nalupig ang mga hukbong ipinadala sa
Judea: 6 Pumunta muna si Lisias kasama ang
isang malakas na hukbo, ngunit tumakas sa
harap ng mga Judio na pinalakas ng mga san-
data at maraming ari-ariang nasamsam mula
sa mga natalong hukbo. 7 Dinurog din ng mga
Judio ang kasuklam-suklam na bagay na iti-
nayo niya sa ibabaw ng altar sa Jerusalem, at
muling itinayo ang mga pader sa kapaligiran ng
santuwaryo na kasintaas ng dati at pinatibay din
ang lunsod niya na Bet-zur.
8 Nasindak ang hari at lubhang nabalisa nang
matanggap niya ang balitang ito. Nagkasakit
siya at nasiraan ng loob sapagkat hindi nangyari
ang gusto niya. 9 Dahil dito'y nagdanas siya ng
matinding dalamhati sa maraming araw at akala
niya'y mamamatay na siya. 10 Kayat tinawag
niya ang kanyang mga kaibigan at sinabi: "Hindi
na ako dinadalaw ng antok at iginugupo na ako
ng mga alalahanin. 11 At nag-iisip ako: Bakit
dumating sa akin ang ganitong pagdadalamhati
– akong mapagbigay at minahal nang nasa akin
pa ang kapangyarihan.
12 Ngayon ko nagugunita ang mga kasama-
ang ginawa ko sa Jerusalem, ang mga sisidlang
ginto at pilak na ninakaw ko, ang mga taga-
Judeang ipinapatay ko nang walang dahilan.
13 Alam ko na ngayon na dahil dito kaya du-
mating sa akin ang ganitong kapahamakan at
namamatay ako ngayon sa dalamhati sa lu-
paing banyaga." 14 Ipinatawag ng Hari si Feli-
peng kanyang kaibigan at inatasan itong
maging tagapangasiwa ng kanyang buong ka-
harian. 15 Ipinagkatiwala rin niya dito ang
korona, kasuotan at singsing na pantatak at
ipinabahala rin ang pagpapalaki sa kanyang
anak na si Antioko upang maging hari ito.
16 Namatay roon si Haring Antioko sa taong

• 55. Patuloy ang digmaan sa mga tagumpay at mga pagkalupig. Binibigyang-diin dito ng Biblia kung bakit nabaligtad ang pangyayari: personal na interes lamang ang hangad ng marami sa mga pinuno.

• **6.**1 Inilalahad ng Biblia ang wakas ni Antioko Epifanes bilang halimbawa ng kamatayan ng mga nang-uusig. Ibang salaysay naman ang matutunghayan natin sa 2 Mac 9.

sandaa't apatnapu't siyam (163 B.C.). [17]Nabalitaan ni Lisias ang pagkamatay ng hari, at kaagad niyang ipinahayag ang anak nitong si Antioko bilang kahalili ng hari sapagkat siya ang nagsanay dito mula sa kamusmusan at pinangalanan niya siyang Eupator.

**Ekspedisyon ni Antioko V**

[18]Hinaharang ng mga kawal na nasa Kuta ang mga Israelita sa paligid ng Banal na Lugar at hindi nagpapalampas ng pagkakataong pinsalain ang mga ito sa kapakanan ng mga pagano. [19]Ipinasiya si Judas na lipulin ang mga nasa Kuta, [20]kayat tinipon niya ang buong bayan upang kubkubin ang mga ito. [21]Nagtipun-tipon ang lahat at sinalakay ang Kuta sa taong sandaa't limampu at nagtayo ng mga panganyon at aparatong pangubkob. [22]Ngunit nakalusot sa barikada ang ilan sa mga nakubkob at nagpuntang kasama ang mga makasalanang Israelita sa hari at sinabi: "Hanggang kailan mo kami di bibigyan ng katarungan at pati na ang aming mga kapatid? [23]Pumanig kami sa iyong ama, sinunod namin ang kanyang mga utos at iginalang ang kanyang batas. [24]Dahil dito, kinubkob ang Kuta at pinakitunguhan kami ng aming mga kababayan na parang mga dayuhan. Pinatay ang mga nabihag sa amin at inagaw ang aming mga ari-arian. [25]At di lamang kami ang kanilang nilalabanan kundi pati ang ibang mga lupain.

[26]Nagkakampo sila ngayon laban sa Kuta sa Jerusalem upang masakop iyon at pinatibay nila ang santuwaryo at ang Bet-zur. [27]Kung hindi ka mamuno ngayon, makagagawa pa sila nang higit pa at hindi mo na sila masusugpo."

[28]Nagsiklab sa galit ang hari nang mabalitaan ito, at ipinatawag niya ang lahat ng kanyang Kaibigan, mga heneral ng hukbo at mga pinuno ng mga kabayuhang sundalo. [29]Nangalap din siya ng mga bayarang sundalo mula sa ibang bansa at sa mga pulo ng karagatan. [30]Umabot ang kanyang mga sundalo sa sandaang libong lakad na sundalo, dalawampung libong kabayuhan at tatlumpu't dalawang elepanteng sinanay sa pakikidigma. [31]Pumasok sila sa Idumea, kinubkob ang Bet-zur at nakipaglaban sa loob ng maraming araw na gumagamit ng mga makinang pandigma. Ngunit nakalusot ang mga kinubkob at sinunog ang mga makinang pandigma at buong tapang na nanlaban.

**Labanan sa Bet-zacarias**

• [32]Kayat umalis si Judas sa Kuta at nagkampo sa Bet-zacarias na katapat ng kampo ng hari. [33]Maagang bumangon ang hari kinaumagahan at buong tapang na umusad ang kanyang hukbo sa lansangang pa-Bet-zacarias. Naghanda ang mga sundalo sa pakikidigma at hinipan ang mga trumpeta.

[34]Pinakitaan nila ng katas ng ubas at moras ang mga elepante upang pasiglahin sa pakikilaban, [35]at ikinalat iyon sa mga batalyon: sanlibong kawal na nakasuot ng malyas at helmet na tanso na nakahanay sa magkabilang tagiliran ng bawat elepante. [36]Nasa unahan ng bawat elepante ang hukbong kabayuhan ng limandaang piling mangangabayo na pinagbilinang huwag hihiwalay rito. [37]Nasa ibabaw ng bawat elepante ang isang matibay na toreng kahoy na tinalian ng katad at may apat na mandirigma sa tore, bukod pa ang nagpapatakbo.

[38]Inilagay sa dakong kanan at kaliwa ng hukbo ang iba pa sa kabayuhang kawal upang ligaligin ang kaaway at mapangalagaan na rin ang mga batalyon. [39]Kapag nasisinagan ng araw ang mga kalasag na ginto at tanso'y kumikinang at nangingislap ang kabundukan tulad sa naglalagablab na apoy. [40]Isang bahagi ng hukbo ng hari ang nakakalat sa itaas ng bundok at nasa kapatagan ang isa pang bahagi. Umuusad ang lahat na may pagtitiwala at nasa kaayusan. [41]Nagsipanginig ang mga Judio nang marinig ang nakatutulig na ingay ng di mabilang na mga kawal bunga ng pagmamartsa at kalansing ng mga sandata. Sadyang napakalaki at makapangyarihan ang hukbo.

[42]Ngunit sumugod din si Judas at ang kanyang hukbo upang makipaglaban; at mga animnaraang kawal ng hukbo ng hari ang napatay. [43]Nakita ni Eleazar na

---

• 32. Muling sinalakay ang Palestina at sa labanan sa Bet-zacarias, napilitang umurong mula sa mga kaaway ang hukbo ni Judas na bale-wala kung ikukumpara sa hukbo ng hari. Pero pagkaraan ng dalawang taon, makikipagkasundo ang hari at pagtitibayin nito ang kalayaang panrelihiyon ng mga Judio.

tinatawag na Abaran ang isa sa mga
hayop na nasasandatahan at nahihigtan
ang lahat ng iba pa kayat ipinalagay niya
na iyon ang hayop ng hari. 44 Kayat ipi-
nagpakasakit niya ang kanyang sarili
upang iligtas ang kanyang bayan at
umani siya ng walang hanggang kara-
ngalan dahil doon. 45 Buong tapang si-
yang lumusob papunta sa hayop sa kala-
gitnaan ng batalyon at nakapatay siya ng
mga kawal sa kaliwa't kanan at nagtak-
buhan ang kaaway kabi-kabila. 46 Naka-
lapit siya sa elepante, sumuot sa ilalim
nito at sinaksak iyon sa tiyan. Bumagsak
sa kanya ang elepante at namatay siya
noon din.
47 Ngunit alam ng mga Judio ang ma-
kapangyarihang lakas ng hukbo ng hari at
umurong sila. 48 Umahon pa-Jerusalem
ang mga kawal ng hari upang abutan sila
at nagkampo ang hari sa Judea at sa
Bundok Sion. 49 Nakipagkasundo siya sa
mga taga-Bet-zur na nagsilikas sa lunsod
sapagkat wala na silang makain para ma-
kapagpatuloy pa sa pakikipaglaban ya-
mang iyon ang taon ng pahinga ng lupa.
50 Sinakop ng hari ang Bet-zur at nagta-
laga ng tanggulan doon upang bantayan
iyon.
51 Mahabang panahon din siyang nag-
kampo sa harap ng Santuwaryo at nag-
tayo roon ng mga kanyon, makina, pang-
hagis ng apoy, pana at tirador. 52 Nasi-
pagtayo rin ng mga makina ang mga
tagapagtanggol tulad sa ginawa ng mga
sumasalakay at matagal silang nakipag-
laban. 53 Ngunit wala silang nakaimbak na
pagkain, sapagkat iyon ang ikapitong
taon at naubos na ang lahat ng pagkain ng
mga Israelitang dumating sa Judea mula
sa mga lupaing pagano. 54 Kayat iilan na
lamang ang naiwan sa Banal na Lugar
dahil sa gutom at kumalat ang iba sa kani-
kanilang lugar.

**Pagbibigay-kalayaan ng hari sa relihiyon**

• 55 Nabalitaan naman ni Lisias ang
pagbalik ni Felipe mula sa Persia at Me-
dia. Si Lisias ang pinagkatiwalaan ni
Haring Antioko (nang nabubuhay pa siya)
sa pagpapalaki sa kanyang anak na si
Antioko upang maging hari ito. 56 Binalak
niyang bawiin ang kapangyarihan, ka-
sama ang hukbong umalalay sa hari.
57 Kayat inapura ni Lisias ang paglisan.
Sinabi niya sa hari, sa mga heneral ng
hukbo at sa mga sundalo: "Nanghihina
tayo araw-araw, kapos tayo sa pagkain at
matibay ang pook na sinasalakay natin;
bukod dito, sumasandal sa atin ang mga
suliranin ng kaharian. 58 Kayat ilahad na
natin ang ating palad para makipag-
kaibigan sa mga taong ito at makipag-
kasundo tayo sa kanila at sa kanilang
bansa. 59 Hayaan na natin silang mamu-
hay ayon sa kanilang kaugalian tulad ng
dati sapagkat nagawa nila ang lahat ng ito
dahil ginulo natin ang kanilang mga
batas, at nagalit sila."
60 Naging kasiya-siya ito sa hari at sa
mga heneral, 61 kayat nagsugo ang hari
para makipagkasundo sa mga Judio at
tinanggap iyon ng mga Judio.
Pagkapangako ng hari at ng mga he-
neral nang may sumpa, lumabas sa kuta
ang mga Judio. 62 Umakyat sa Bundok
Sion ang hari at nang makita niya ang
tanggulan, sinira niya ang kanyang pa-
ngako at iniutos na buwagin ang naka-
paligid na pader. 63 At mabilis siyang
umalis at nagbalik sa Antiokia. Doon niya
nakitang hawak na ni Felipe ang lunsod.
Kayat nakipaglaban siya rito at inagaw
ang lunsod.

**7** 1 Sa taong sandaa't limampu't isa,
tumakas mula sa Roma si Deme-
triong anak ni Seleuco. Naglayag siya
kasama ang ilang mga lalaki papunta sa

• 55. Sa kauna-unahang pagkakataon, biglang-biglang tumigil ang labanan, at kinilala ang karapatan ng mga Judio na ipagpatuloy ang kanilang relihiyon (b. 59). Ang pakikipaglaban ng iilang bayani ang naghatid ng unang bungang ito at bumago sa kasaysayan ng bayang Judio.

isang lunsod sa piyer ng kaharian at doon
niya ipinahayag na hari ang kanyang sarili.
2 Pagpasok niya sa kaharian ng kanyang
mga ninuno, dinakip ng hukbo sina An-
tioko at Lisias para iharap sa kanya. 3 Na-
balitaan ito ni Demetrio at sinabi: "Ayo-
kong makita ang kanilang pagmumukha."
4 Kayat pinatay sila ng hukbo at lumuklok
si Demetrio sa trono.

5 Kaagad na nagpunta sa kanya ang
lahat ng Israelitang makasalanan at lu-
malabag sa Batas. Pinamunuan sila ni
Alcimong nais maging punong pari. 6 At
pinagbintangan nila ang kanilang mga
kababayan sa harap ng hari: "Pinatay ni
Judas at ng kanyang mga kapatid ang
iyong mga Kaibigan at itinaboy kami
mula sa aming lupain. 7 Isugo mo ang isa
sa pinagkakatiwalaan mo para makita
ang kapinsalaang ginawa sa amin at sa
probinsya ng hari. Parusahan niya sila at
lahat ng tumulong sa kanila."

**Ekspedisyon nina Bakides at Nicanor**

8 Pinili ng hari si Bakides, isa sa kan-
yang matapat na Kaibigan at kinikilala sa
kaharian at gobernador ng kanluraning
probinsya ng Eufrates. 9 Pinasama rin niya
si Alcimo na hinirang niyang punong pari
at inatasang parusahan ang mga Israelita.

10 Umalis silang kasama ang malaking
hukbo. Pagdating nila sa Judea, nagpa-
dala sila kay Judas at sa mga kapatid nito
ng mapanlinlang na alok ng kapayapaan.
11 Ngunit di sila pinagkatiwalaan ng mga
ito sapagkat may kasama silang malakas
na hukbo.

12 Isang komisyon naman ng mga guro
ng Batas ang humarap kina Alcimo at
Bakides para maghanap ng kasiya-siyang
solusyon. 13 Sila'y mga Asideo, ang na-
unang naghangad ng kapayapaan sa Is-
rael, 14 kayat nangatwiran sila: "Isang la-
laki mula sa lipi ni Aaron ang kasamang
dumating ng hukbo, tiyak na magiging
makatarungan siya sa atin." 15 Nangusap
nga ng kapayapaan si Bakides at isi-
numpa sa kanila: "Hindi namin kayo
uusigin at ang inyong mga kaibigan."
16 Naniwala sila sa kanya. Ngunit ipina-
dakip ni Bakides ang animnapu sa kanila
at ipinapatay sa iisang araw, ayon sa sina-
sabi sa Kasulatan: 17 *Ikinalat nila sa pa-*
*ligid ng Jerusalem ang mga bangkay ng*
*iyong mga banal. Pinadanak nila ang*
*dugo ng mga ito at walang sinumang*
*maglilibing sa mga ito.*

18 Natakot at nasindak nila ang buong
bayan. At sinabi nila: "Wala silang kata-
rungan at katapatan sapagkat sinira nila
ang kasunduang kanilang sinumpaan."

19 Umalis si Bakides sa Jerusalem at
nagkampo sa Bet-zur. Mula roo'y iniutos
niya ang pagdakip at pagpugot ng ulo sa
maraming nagsawa sa kanya, gayundin
ang ilan pa sa bayan. At ipinatapon ang
mga ito sa malalim na bangin.

20 Ipinagkatiwala niya kay Alcimo ang
probinsya at pagkaiwan sa kanya ng
isang hukbong tutulong dito'y nagbalik
siya sa hari. 21 Pinagpilitan ni Alcimo na
kilalanin siya bilang punong pari at naki-
isa sa kanya ang lahat ng nanggulo sa
bayan. 22 Sila ang naka-pangyari sa Judea
at naging malaking salot sa Israel.

23 Nakita ni Judas na si Alcimo at mga
sundalo nito ang higit pang maminsala sa
Israel kaysa mga pagano. 24 Kayat sina-
lakay niya ang lahat ng dako ng Judea
para papagbayarin ang mga taksil at
mapigilan ang mga iyon na makagala sa
lupain.

25 Natuklasan ni Alcimo na mas mala-
kas si Judas at ang mga tauhan nito kaysa
kanya at di na niya ito kayang labanan
kayat nagbalik siya sa hari at pinarata-
ngan ang mga ito. 26 Sinugo naman ng hari
si Nicanor na isa sa mga tanyag at isa sa
kanyang mga heneral na kilalang kaaway
ng Israel para lipulin ang bayang ito.

27 Dumating sa Jerusalem si Nicanor na
kasama ang malaking hukbo; pinadalhan
niya si Judas at mga kapatid nito ng mga
mapanlinlang na mensahe ng pakikipag-

kaibigan na nagsasabing 28 “Huwag na tayong mag-away muli; darating akong may kasamang ilang tauhan para makipagtagpo sa iyo at makipagkaibigan.”

29 Pumunta nga siya kay Judas at mapayapa silang nagbatian, ngunit pinaghandaan niyang bihagin si Judas. 30 Kayat nasindak si Judas nang malaman nitong pataksil ang pakikitungo ni Nicanor. Lumayo siya kay Nicanor at tumangging makipagkita pang muli. 31 Nakita ni Nicanor na natuklasan na nito ang kanyang mga balak kayat hinanap niya si Judas para kalabanin ito. Natagpuan niya si Judas sa malapit sa Kafarsalama. 32 Mga limandaan ang nasugatan sa mga kasama ni Nicanor at tumakas ang iba sa lunsod ni David.

**Natalo si Nicanor**

33 Umahon si Nicanor sa Bundok Sion pagkatapos ng mga pangyayaring ito at ilan sa mga pari at matatanda ang lumabas sa santuwaryo para mapayapa siyang salubungin at ipakita sa kanya ang mga sinunog na handog na inialay alang-alang sa hari. 34 Ngunit kinutya niya ang mga ito, hinamak at ininsulto 35 at galit na sumumpa: “Kapag di ninyo nadala agad sa akin si Judas at ang kanyang pangkat at kapag natalo ko siya, babalik ako at susunugin ko ang templong ito.” At umalis siyang galit na galit.

36 Pumasok ang mga pari sa templo, tumayo sa harapan ng altar at ng santuwaryo at nanangis. 37 Sinabi nila: “Pinili mo, Panginoon, ang Bahay na ito para dito tawagin ang iyong Pangalan, para maging bahay ng panalangin at kahilingan ng iyong bayan. 38 Paghigantihan mo ang taong ito at ang kanyang hukbo; bayaan mong mamatay sila sa tabak. Alalahanin mo ang kanilang pang-iinsulto at huwag kang magatubiling parusahan sila.”

39 Umalis si Nicanor sa Jerusalem at nagkampo sa Bet-horon at doon sumanib sa kanya ang hukbo ng Siria. 40 Nagkampo naman si Judas sa Adasa kasama ang tatlong libong sundalo at sinabi niya: 41 “Panginoon, nang nilapastangan ka ng mga sugo ng hari ng Asiria, dumating ang iyong anghel at pinatay ang sandaa’t walumpu’t limang libo sa kanyang mga tauhan. 42 Kayat durugin mo ngayon ang hukbong ito sa aming harap para malaman ng iba na hinatulan mo si Nicanor batay sa kanyang kasamaan at pagkalapastangan niya sa iyong templo.”

43 Nagsagupa ang dalawang hukbo sa ikalabintatlo ng buwan ng Adar. Nalupig ang hukbo ni Nicanor at isa siya sa mga unang napatay sa labanan. 44 Itinapon ng mga sundalo ang kanilang mga sandata nang makita nilang patay na siya at nagsitakas sila. 45 Maghapon silang hinabol ng mga Judio mula sa Adasa hanggang sa pasukan ng Gazara at pinatunog ng mga ito ang mga trumpeta habang hinahabol ang mga kaaway. 46 Nagsilabas ang mga taumbayan mula sa mga kalapit na bayan ng Judea at pinaligiran ang mga takas at napilitan ang mga itong magsibalik at ipagtanggol ang sariling buhay. Kayat napatay silang lahat sa tabak.

47 At sinamsam ng mga Judio ang mga naiwang ari-arian; pinugot nila ang ulo ni Nicanor at ang kanang kamay na buong yabang niyang iniuñat at isinabit iyon sa pintuan ng Jerusalem para makita ng lahat. 48 Nagsaya nang husto ang bayan 49 at ipinagdiwang taun-taon ang kanilang tagumpay mula noon tuwing ikalabintatlo ng buwan ng Adar. 50 Naging tahimik ang lupain ng Judea sa loob ng maikling panahon.

**Pakikipag-alyansa sa mga Romano**

**8** • 1 Binalitaan si Judas tungkol sa mga Romano, 2 at ito ang sinabi sa kanya: “Matatapang sa digmaan ang mga Romano; nagpapakita sila ng mabuting kalooban sa lahat ng pumapanig sa kanila. Nakikipagkaibigan sila sa lahat ng lumalapit, at malakas na kakampi sila sa digmaan.

---

• **8.**1 Iginiit ng mga propeta na dahil ang bayang Judio ang bayan ng Diyos, kailangang sa Diyos sila manalig at huwag maghanap ng tulong sa iba. Kawalan ng pananalig sa Diyos ang makipagtipan sa mga bayang pagano. May ibang pagkaunawa si Judas kayat hangad niyang makipagtipan sa mga Romano.

Sa isang dako, nagkaroon ng malaking pag-asa ang mga Judio dahil sa mga unang tagumpay. Mula pa sa panahon ng pagkatapon, hindi pa kailanman nabawi ng mga Judio ang kanilang awtonomiya, ngunit para kay Judas at sa kanyang mga kasamahan, dumating na ang oras para itayong muli ang dating kaharian nina Solomon at David.

Sa kabilang dako naman, hinahangaan ni Judas ang organisasyon at kapangyarihan ng mga Romano, at naniniwala siyang pabor sa muling pagtatayo ng kaharian ni David ang kanilang proteksyon.

Pero tama nga ang mga propeta: hindi dapat umasa sa mayayaman at makapangyarihan ang mga naghahanap sa Kaharian ng Diyos at sa katarungan. Ang mga Romanong labis na hinahangaan ni Judas ay magiging mga kaaway niya. At pagkalipas ng dalawang dantaon, wawasakin nila ang bansang Judio sa panahon ni Jesus.

3 Buong tapang na nakadigma nila ang mga taga-Galia; sinakop ang mga ito at pinapagbayad ng buwis. Gayundin ang ginawa nila sa Espanya para maangkin ang mga mina ng pilak at ginto 4 at nasakop ang buong bansang iyon na napakalayo sa kanilang sariling bansa sa pamamagitan ng talino at tiyaga. Tinalo rin nila ang mga haring galing pa sa dulo ng daigdig para manalakay at dinurog nila ang mga ito. Nagbayad sa kanila ang iba ng taunang buwis.

5 Nilupig at sinakop nila ang mga hari ng Macedonia na sina Felipe at Perseo at ang iba pang lumaban sa kanila. 6 Nang salakayin sila ni Antioko ang Dakila, hari ng Asia, na may sandaa't dalawampung elepante, kabayuhang sundalo, karwahe at makapangyarihang hukbo, nalupig ito at nahulog sa kamay ng mga Romano. 7 Napilitan si Antioko at ang mga humalili sa kanya na magbayad ng malaking halaga ng buwis, isuko ang mga bihag 8 at ipagkaloob ang pinakamahusay nilang probinsya tulad ng India, Media at Lydia na pagkatapos ay ipinagkaloob pagkatapos ng mga Romano kay Haring Eumenes. 9 Binalak ng mga Griyego na salakayin at lipulin ang mga Romano, 10 ngunit nabalitaan iyon ng mga Romano at nagpadala sila ng isang heneral upang labanan ang mga ito. Napatay nila ang maraming Griyego at kinuha ang mga babae at mga bata, winasak ang mga tanggulan at inalipin sila hanggang sa panahong ito.

11 Sa gayunding paraan, nilupig din nila at sinakop ang iba pang mga bansa at mga pulong nakipaglaban sa kanila. 12 Subalit nanatili silang tapat sa kanilang mga kakampi at sa mga nagtitiwala sa kanila. Sinakop nila ang mga kaharian sa malayo at malapit at kinatatakutan sila ng lahat ng makarinig sa kanilang pangalan. 13 Hinirang nilang mga hari ang naiibigan nila at inaalis ang ayaw nila.

14 Ngunit sa kabila ng lahat ng ito, walang sinuman sa kanila ang nagpakorona o nagbihis tulad ng sa hari para itaas. 15 Bumuo sila ng isang Senado ng tatlundaa't dalawampung katao na nagpupulong araw-araw tungkol sa mga bagay na ikabubuti ng bayan. 16 Pumipili sila taun-taon ng isang taong mamumuno sa kanila at mamamahala sa imperyo at sumusunod ang lahat nang di naiinggit o nagseselos."

17 Kayat pinili ni Judas si Eupolemong anak ni Juan at si Jasong anak ni Eleazar, at sinugo sila sa Roma para gumawa ng tipan ng kapayapaan at pakikianib sa mga Romano. 18 Inaasahan ni Judas na mapapalaya ng mga ito ang Israel kapag nakita nila kung paano nalupig ng mga Griyego ang Israel.

19 Dumating ang mga sugo ni Judas sa Roma makaraan ang isang mahabang paglalakbay. Pumasok sila sa Senado at nagpahayag: 20 "Pinapunta kami ni Judas Macabeo, ng kanyang mga kapatid at ng bayan ng Israel para gumawa ng tipan ng kapayapaan at mapabilang sa inyong mga kakampi at kaibigan." 21 Kinalugdan ng mga Romano ang ganitong mungkahi 22 at narito ang kopya ng liham na isinulat nila sa lapidang tanso na ipinadala nila sa Jerusalem bilang alaala ng kapayapaan at pakikianib:

23 "Mabuting kapalaran sa mga Romano at sa bayang Judio sa dagat at sa lupa magpakailanman at malayo nawa sa kanila ang tabak at kaaway! 24 Kung unang datnan ng digmaan ang mga Romano o ang isa sa kanilang kakampi sa alinmang bahagi ng imperyo, 25 matapat na sasali sa digmaan ang bansang Judio hanggat maaari. 26 Hindi tatanggap ang sundalong Judio ng trigo o sandata o salapi o bapor ayon sa kapasyahan ng Roma. Sa halip tutuparin nila ang kanilang tungkulin nang walang pabuya.

27 At kapag sinalakay naman ang bansang Judio, buong sigasig na makikipaglaban sa kanyang panig ang mga Romano hanggat ipinahihintulot ng pagkakataon. 28 Hindi tatanggap ang mga kakamping Romano ng trigo o sandata o salapi o bapor tulad sa pasya ng Roma, at tutuparin nila ang kanilang tungkulin nang walang panloloko. 29 Sa ganitong kasunduan binuo ng mga Romano ang kanilang pakikianib sa bansang Judio.

30 At kapag nagkabisa ang kasunduang ito at gusto ng isa sa kanila ang magdagdag o magbawas ng anuman, gagawin iyon ng nasabing panig kasundo ang kabilang panig, at kailangang tupdin ang idinagdag o ibinawas.

31 At tungkol naman sa kapinsalaang ginagawa ni Haring Demetrio sa mga Judio, isinulat na namin sa kanya ang ganito, 'Bakit ganyang kabigat na pamatok ang ipinapataw mo sa mga Judio na aming mga kaibigan at kakampi?' 32 Kapag muli ka nilang pinaratangan, ipagtatanggol namin ang kanilang karapatan at sasalakayin ka namin sa dagat at sa lupa."

### Pagkamatay ni Judas Macabeo

**9** • 1 Nabalitaan ni Demetrio ang pagkamatay ni Nicanor at ang pagkalu-

---

• **9.1** Narito ngayon ang madamdaming salaysay ng kamatayan ni Judas. Namatay siya sa ningning ng kanyang pananampalataya at kabayanihan, gaya ng maraming "umaasa sa muling pagtatayo sa Israel" at namatay siya alang-alang sa pag-asang ito.

Makikita nating grasya ng Diyos sa kanya ang maaga

pig ng kanyang hukbo kayat pinabalik
niya sina Bakides at Alcimo sa Judea
kasama ang pinakamahusay na mga
sundalo sa kanyang hukbo. 2 Dinaanan
nila ang kalsadang pa-Galilea at sinala-
kay nila ang lunsod ng Me-salot sa lupain
ng Arbela. Sinakop nila iyon at marami
ang pinatay. 3 Sa unang buwan ng taong
sandaa't limampu't dalawa, nagkampo
sila sa tapat ng Jerusalem. 4 Mula roo'y
dalawampunlibong lakad na sundalo at
dalawang libong kabayuhan ang umalis
pa-Berea. 5 Nagkampo naman si Judas sa
Elasa kasama ang tatlunlibong piling mga
sundalo. 6 Nasindak sila nang makita ang
malaking bilang ng kaaway. Marami ang
tumakas sa kampo at walundaang tauhan
lamang ang naiwan. 7 Nakita ni Judas ang
pagkakawatak-watak ng kanyang hukbo
at nasiraan siya ng loob. Malapit na silang
salakayin at wala na siyang panahon para
tipuning muli ang hukbo. 8 Sa kabila ng
kanyang panlulupaypay, pinalakas niya
ang loob ng mga naiwan: "Labanan natin
ang mga kaaway. Maaari pa rin natin
silang malupig."

9 Sinikap ng mga kawal na pigilin siya:
"Wala na tayong magagawa pa ngayon
kundi iligtas ang ating sarili. Maaaring
magbalik tayo sa ibang araw, kasama ang
ating mga kapatid upang lumaban. Ngu-
nit napakakaunti natin ngayon." 10 Ngunit
sumagot si Judas: "Huwag ipahintulot ng
Diyos na takasan ko sila. Kapag dumating
na ang ating oras, mamamatay tayong
magigiting para sa ating mga kapatid na
di nadungisan ang ating karangalan."

11 Lumabas sa kampo ang hukbo ni
Bakides at nanatili naman sa puwesto ang
mga Judio para makipaglaban. Hinati
ang kabayuhang pangkat sa dalawa. Sa
unang hanay, nangunguna ang mga
beterano sa digmaan, at kasunod ang
mga mamamana at maninirador. 12 Nasa
kanang hanay si Bakides. Sumugod sila
sa magkabilang hanay sa tunog ng trum-
peta. Pinatunog din ng mga Judio ang
mga trumpeta. 13 At nayanig ang lupa sa
sigawan ng mga sundalo at nagsimula
ang paglalaban na tumagal nang mag-
hapon.

14 Nakita ni Judas na nasa kanang
hanay ang lakas ni Bakides at ng hukbo
nito. Sumama sa kanya ang mas mata-
tapang na Israelita, 15 at nilupig nila ang
kanang hanay ng kaaway at hinabol
hanggang sa kaburulan. 16 Ngunit nakita
ng kaliwang hanay na nalupig na ang
kanang hanay, kayat sinalakay nila si Ju-
das at ang mga kawal nito mula sa hu-
lihan. 17 Buong ngitngit silang naghamok
at marami ang namatay sa magkabilang
panig. 18 Napatay din si Judas at nagsi-
takas ang iba.

19 Kinuha nina Yonatan at Simon ang
kanilang kapatid at inilibing sa puntod ng
kanilang mga ninuno sa Modin. 20 Nag-
luksa ang buong bayan ng Israel at nana-
ngis sila nang maraming araw at paulit-
ulit na nanaghoy: 21 "Namatay ang baya-
ning nagligtas sa Israel."

22 Ang iba pang ginawa ni Judas, ang
kanyang pakikipagdigma at mga tagum-
pay at kabayaniha'y hindi na naisulat
sapagkat napakarami.

**Humalili si Yonatan kay Judas**

• 23 Pagkamatay ni Judas, nagsulputan ang
mga taksil sa buong lupain ng Israel at lumakas
ang loob ng masasama. 24 Nagkaroon ng ma-
lubhang taggutom nang panahong iyon at na-

niyang pagkamatay. Ang daang kanyang sinimulan dahil sa pananampalataya ay magtatapos para sa kanyang mga inapo sa mga pagsang-ayon at kabulukang madalas na kasama sa kapangyarihang pulitikal.

• 23. Kailangang tumakas pa-disyerto kasama ng kanyang kalahi si Yonatan na siyang hinirang na kahalili ng kanyang kapatid na si Judas. Pinaalis niya ang kanyang kapatid na si Juan taglay ang bagahe para dalhin ito sa isang ligtas na lugar sa kabilang ibayo ng Jordan. At doo'y tinambangan sila. Kaya tumawid si Yonatan sa kabilang ibayo ng Jordan para maghiganti. Sa kanyang pagbabalik, sinundan pala siya ni Bakides at ng hukbo nito, at ngayo'y nakaharang sa daan nila patungo sa ilog. Ngunit nakalampas sila sa mga kaaway at lumangoy patawid.

hulog sa kanilang kamay ang bansa. 25 Pinili ni Bakides ang mga taksil at ginawa silang mga pinuno ng lupain. 26 Tinunton at hinanap ng mga ito ang lahat ng mga kaibigan at mga loyalista ni Judas at iniharap kay Bakides at pinarusahan sila at hiniya sa sanlibong paraan. 27 Matinding pagsubok ito na di pa nararanasan ng Israel mula nang di na nakita ang mga propeta. 28 Kayat nagtipun-tipon ang mga kaibigan ni Judas at sinabi kay Yonatan: 29 "Mula nang mamatay ang kapatid mong si Judas, wala nang tulad niyang lalaban sa kaaway, kay Bakides at sa lahat ng mga kalaban ng ating bansa. 30 Kayat pinipili ka namin ngayon bilang kahalili niya para maging pinuno namin at pangunahan kami sa aming mga pakikipagdigma." 31 Tinanggap ni Yonatan ang pamumuno mula sa araw na iyon at humalili siya sa kanyang kapatid na si Judas.

32 Nabalitaan ito ni Bakides at binalak niyang patayin si Yonatan. 33 Ngunit nalaman agad ito ni Yonatan at tumakas siya kasama ang kanyang kapatid na si Simon at ang kanyang mga tagasunod sa disyerto ng Tekoa. Nagkampo sila sa tabi ng lawa ng Asfar. 34 Nabalitaan ito ni Bakides sa Araw ng Pahinga at tumawid siya sa Jordan kasama ang kanyang buong hukbo.

35 Sinugo ni Yonatan ang kanyang kapatid na si Juan bilang kinatawan ng bayan upang hingin sa kanilang mga kaibigang Nabateo na itago ang kanilang mga dala-dalahan. 36 Ngunit binihag si Juan ng lipi ng Yambri at ng mga taga-Medeba, kinuha ang lahat ng dala niya at saka nagsitakas. 37 Pagkatapos nito'y nabalitaan ni Yonatan at ng kanyang kapatid na si Simon na ipinagdiriwang ng mga taga-Yambri ang isang marangyang kasalan at maringal nilang inihatid ang babaeng ikakasal na anak ng isang kilalang tao sa Kanaan mula sa Nadabat.

38 Nagunita ng dalawa ang pagpatay sa kanilang kapatid na si Juan, kayat umahon sila at nagtago sa bundok. Narinig nila ang malabong ingay 39 at saka natanaw nila ang napakaraming dala-dalahan: sinalubong sila ng lalaking ikakasal, mga kaibigan at mga kapatid nito na may dalang mga tamburin, mga instrumentong musikal at mga armas. 40 Sinagupa sila ng mga Judio mula sa pananambang at pinatay sila. Maraming napatay at nagsitakas ang iba sa kabundukan. Sinamsam ng mga Judio ang lahat ng ari-arian, 41 kayat nauwi sa pagluluksa ang kasalan at naging panaghoy ang awitan. 42 Bumalik sa lati ng Jordan ang mga Israelita pagkatapos maipaghiganti ang pagkamatay ng kanilang kapatid.

43 Dumating naman si Bakides na kasama ng malakas na hukbo sa Araw ng Pahinga sa pampangin ng Jordan. 44 Kayat sinabi ni Yonatan sa kanyang mga sundalo: "Maging matapang! Kailangang iligtas natin ang ating buhay sapagkat magiging malubha ang mga pangyayari sa araw na ito. 45 Nasa unahan at likuran natin ang mga kaaway – sa panig na ito ang tubig ng Jordan, ang mga lati at sukal sa kabila – wala tayong malulusutan. 46 Kayat tumawag tayo sa Kalangitan para iligtas tayo sa ating mga kaaway."

47 At nagsimula ang digmaan. Iniunat ni Yonatan ang kanyang bisig para patayin si Bakides ngunit nakailag iyon at umurong. 48 Kayat tumalon si Yonatan at ang kanyang mga tauhan sa Jordan at lumangoy hanggang sa kabilang pampang, ngunit di sila sinundan ng kanilang mga kaaway. 49 Mga sanlibo sa mga tauhan ni Bakides ang napatay nang araw na iyon.

50 Nagbalik si Bakides sa Jerusalem. 51 At nagsimula siyang magtayo ng mga nakukutaang lunsod sa Judea – ang mga tanggulan ng Jerico, Emaus, Bet-horon, Betel, Timna, Paraton at Tepon – na may matataas na pader at may trangkang mga pintuan at may garison ang bawat isa para takutin ang mga Israelita. 52 Pinaderan din niya ang mga lunsod ng Bet-zur, Gazara at ang Kuta, at naglagay ng mga sundalo at maraming panustos sa bawat kuta. 53 Hinuli niya ang mga anak ng mga pinuno ng lupain bilang bihag at ikinulong sa Kuta ng Jerusalem.

54 Sa ikalawang buwan ng taong *sandaa't limampu't tatlo* (159 B.C.), iniutos ni Alcimo ang pagbuwag sa pader ng panloob na patyo ng templo. 55 Nangangahulugan itong pagwasak sa gawain ng mga propeta. Sinimulan ni Alcimo ang pagbuwag ngunit inatake siya sa serebral kayat napatigil ang gawain. Hindi na makapagsalita si Alcimo ni makapag-utos sa kanyang sambahayan. 56 Hindi nagtagal at namatay siyang matindi ang paghihirap. 57 Nagbalik si Bakides sa hari dahil sa kamatayan ni Alcimo at nagkaroon ng kapayapaan sa lupain sa loob ng dalawang taon.

**Kinilala ni Bakides ang kanyang kabiguan**

58 Nagkasundo naman ang mga taksil sa isang balak: "Namumuhay ngayon nang mapayapa at nagtitiwala si Yonatan at ang kanyang bayan. Ibalik natin si Bakides para madakip silang lahat sa buong magdamag." 59 Pinuntahan nila si Bakides at nahimok nila ito. 60 Lumakad si Bakides na may kasamang malaking hukbo. Palihim silang nagpadala ng mensahe sa kanyang mga kasapi sa Judea na nag-uutos na dakpin si Yonatan at ang mga tauhan nito. 61 Ngunit natuklasan ang kanyang pakana at

nabigo ang kanyang balak. At dinakip ang mga
limampung pinunong lalaki ng pakanang ito at
ipinapatay.

62 Kayat umurong sa Bet-basi sa disyerto sina
Yonatan at Simon at mga kasama nila; muli
nilang itinayo ang mga guho at pinatibay iyon.
63 Nabalitaan ito ni Bakides at tinipon niya ang
lahat ng kanyang mga sundalo at pinasabihan
ang kanyang mga kasapi sa Judea. 64 Sinalakay
niya ang Bet-basi, kinubkob iyon nang ilang
araw at gumawa ng mga makina ng digmaan.
65 Kayat iniwan ni Yonatan ang kanyang kapatid
na si Simon sa lunsod at pumunta sa lalawigan
kasama ang ilang mga tao. 66 Nilupig niya si
Odomera at ang mga kapatid nito at ang mga
taga-Pasiron sa kampo niyon. 67 At nagbalik sila
at sinalakay ang mga sundalong kumubkob sa
lunsod. Lumabas naman si Simon at ang mga
kasama niya sa lunsod at sinunog ang mga
makina. 68 Sinalakay nila si Bakides na nilupig at
nasiraan ng loob dahil nabigo ang kanyang
balak at ekspedisyon. 69 Nagalit siya sa mga
taksil sa Batas na nagpayo sa kanya na bumalik
sa Judea at pinatay niya ang ilan sa mga ito, at
ipinasya niyang umalis na at umuwi. 70 Nabali-
taan ito ni Yonatan at nagsugo siya ng mga
kinatawan para gumawa ng kasunduan ng ka-
payapaan at magpalitan ng mga bilanggo.

71 Tinanggap ni Bakides ang kanyang mga
mungkahi. Tumupad si Bakides sa kanyang
mga pangako at sumumpang di na niya ito
pipinsalain hanggang sa kanyang kamatayan.
72 Ibinalik niya kay Yonatan ang mga bilanggong
ipiniit sa Judea. At umuwi siya sa sariling lupain
at di na nagbalik kailanman sa lupain ng Judea.
73 Kayat nagkaroon ng kapayapaan sa Israel at
nanirahan si Yonatan sa Mikmas. Sinimulan
niyang pamahalaan ang lupain, at nawala na sa
Israel ang mga taksil sa Batas.

**Digmaan nina Alejandro at Demetrio**

**10** 1 Sa taong sandaa't animnapu (152
B.C.), naglayag si Alejandro Epifanes na
anak ni Antioko patungong Tolemaida at sina-
kop iyon. Maayos siyang tinanggap at naghari
roon. 2 Nabalitaan ito ni Demetrio at nagtipon
siya ng malaking hukbo at sumalakay para
labanan ito. 3 Kasabay nito'y nagpadala siya
ng liham ng pakikipagkaibigan kay Yonatan
at inalok ito ng malawak na teritoryo, 4 sapag-
kat naisip niya: "Mauna na tayong makipag-
kasundo sa kanya bago siya makipagkasundo
kay Alejandro laban sa atin, 5 sapagkat di pa
niya nalilimutan ang lahat ng pagkakasalang
nagawa natin sa kanya, sa kanyang mga ka-
patid at sa kanyang bansa."

6 Kayat binigyan ni Demetrio ng kapangya-
rihan si Yonatan na bumuo ng hukbo at gumawa
ng mga armas; ginawa niya itong kakampi at
ipinag-utos na bigyan siya ng mga bihag na
nasa Kuta ng Jerusalem. 7 Nagpunta agad si
Yonatan sa Jerusalem at binasa ang sulat sa
harap ng buong bayan at pati ng mga taga-Kuta.
8 Natakot ang mga ito nang marinig nilang
binigyan ng kapangyarihan ng hari si Yonatan
na bumuo ng malakas na hukbo, 9 at ibinigay
nila ang mga bihag kay Yonatan para pauwiin
naman ang mga ito sa kani-kanilang pamilya.
10 Nanirahan si Yonatan sa Jerusalem at nag-
simulang itayong muli at buuin ang lunsod.
11 Iniutos niya sa mga manggagawa na itayo ang
mga pader at mga tanggulan ng Bundok Sion na
yari sa mga tinapyas na bato. At gayon nga ang
kanilang ginawa.

12 At nagsimulang tumakas ang lahat ng da-
yuhang nasa mga tanggulang itinayo ni Ba-
kides; 13 iniwan nila ang kani-kanilang puwesto
para bumalik sa sariling lupain. 14 Sa Bet-zur
lamang nanatili ang ilang taksil sa Batas at mga
alituntunin nito sapagkat tulad ito sa isang pook
na kanlungan.

• 15 Ipinaalam kay Haring Alejandro ang mga
pangakong ginawa ni Demetrio kay Yonatan.
Iniulat din sa kanya ang tungkol sa mga pa-
kikidigma at tagumpay ni Yonatan at ng mga
kapatid nito, gayundin ang mga nalampasang
pagsubok. 16 Kayat ipinahayag ni Alejandro:
"Makakikita pa ba tayo ng isang lalaking tulad
niya? Gawin natin siyang kakampi at kaibigan."
17 At pinadalhan niya ito ng sulat: 18 "Mula kay
Haring Alejandro, sa aming kapatid na si Yona-
tan, maligayang bati. 19 Nabalitaan naming ma-
giting kang lalaki at karapat-dapat na maging

• **10.**15 Sa harap ni Alejandro, si Yonatan ang kinatawan ng mga Judio, pero ano ang kanyang titulo? Hindi na nagkaroon pa ng hari ang mga Judio pagkatapos ng Pagkatapon, at isa pa'y hindi nila kikilalaning hari ang sinumang hindi inapo ni David. Mula sa panahon nina Esdras at Nehemias, ang mga pari na ang namuno sa pamayanang Judio, kaya si Yonatan ay kailangang maging Punong-pari, at upang siya ang maging kinatawan ng kanyang bayan, tatanggapin niya kay Alejandro ang tungkuling ito. Naging sanhi ito ng isang krisis pangmoralidad para sa mga Judio dahil walang puwedeng humirang sa kanyang sarili bilang Punong-pari, kundi ayon sa karapatan ng angkan (tingnan ang Lev 8).

Nagbunga ng paghiwalay ng mas relihiyosong mga Judio ang paghirang na ito kay Yonatan. Marami ang sumalungat sa kanya, kabilang na rito ang mga Asideo (7:13) na magiging partido ng mga Pariseo.

kaibigan. 20 Kayat hinihirang ka namin na Pu-
nong Pari ng iyong bansa at igagawad namin
sa iyo ang titulong Kaibigan ng Hari. (Nagpa-
dala rin siya rito ng isang kasuotang kulay ube
at isang koronang ginto.) Kayat inaanyayahan
ka naming pangalagaan ang aming kapaka-
nan at panatilihin ang ating pagkakaibigan."

21 Kayat sa ikapitong buwan ng taong san-
daa't animnapu, sa kapistahan ng mga Taber-
nakulo, isinuot ni Yonatan ang mga banal na
kasuotan. Nangalap din siya ng mga sundalo at
gumawa ng mga armas.

22 Hindi nagustuhan ni Demetrio ang nang-
yari nang mabalitaan ito kayat sinabi niya:
23 "Ano ang nagawa natin at naunahan tayo ni
Alejandro sa pakikipagkaibigan sa mga Judio?
24 Padadalhan ko rin sila ng sulat na may maga-
gandang salita at pangangakuan ng karangalan
at mga regalo para sa akin pumanig." 25 Kayat
sumulat siya sa mga Judio:

"Binabati ni Haring Demetrio ang bansang
Judio. 26 Sinusunod ninyo ang kasunduan natin
at nananatiling kaibigan namin at di kayo puma-
panig sa aming mga kaaway. Alam namin iyon
at natutuwa kami. 27 Kayat manatili kayong
tapat at bibigyan namin kayo ng mga karapatan
bilang kapalit sa ginagawa ninyo para sa kapa-
kanan namin. 28 Palilibrihin ko ang mga Judio sa
maraming buwis at pagkakalooban sila ng mga
pribilehiyo. 29 Pinalilibre ko ang lahat ng Judio sa
pagbabayad ng buwis, pataw sa asin at korona
mula ngayon hanggang wakas. 30 Mula sa araw
na ito at hanggang sa darating na panahon, di ko
na kukunin mula sa Judea at sa tatlong purok na
isinama rito mula sa Samaria at Galilea ang
ikatlong bahagi ng ani at kalahati sa bunga ng
mga punungkahoy na karapatan kong kunin.
31 Magiging Banal na Lunsod ang Jerusalem at
malaya sa buong sakop nito, at kanya ang
karapatang maningil ng ikapu at mga buwis.
32 Ibinibigay ko na rin ang pamamahala sa Kuta
ng Jerusalem sa Punong Pari para siya na ang
humirang ng mga tauhang magtatanggol doon.
33 Palalayain ko kahit na walang pantubos ang
mga taga-Judeang nadakip at nadala saan-
mang dako ng aking kaharian. Pinalilibre ko na
ang lahat sa mga buwis ng kanilang mga hayop.

34 Libre ang lahat ng mga Judio sa aking
kaharian sa lahat ng araw ng pista, Araw ng
Pahinga, bagong buwan, mga tanging araw at sa
tatlong banal na araw bago at pagkatapos ng
pista. 35 Walang sinumang may karapatang
singilin sila o pinsalain sa anumang dahilan.
36 Itinatakda ko rin na maaari silang tanggapin
sa hukbo ng hari hanggang sa bilang na tatlum-
pung libong Judio na tatanggap ng parehong
sahod ng iba pang sundalo ng hari. 37 Itatalaga
ang ilan sa kanila para tanuran ang mga tanggu-
lan ng hari at bibigyan ang iba ng mga puwes-
tong nangangailangan ng pagtitiwala; mula sa
kanila pipiliin ang kanilang mga pinuno at ma-
mumuhay sila ayon sa kanilang mga batas na
itinakda ng hari para sa lupain ng Judea.

38 Ituturing na bahagi ng lupaing Judio ang
tatlong purok ng Samaria na isinama sa Judea.
Hindi sila mapapailalim sa alinmang kapang-
yarihan maliban sa Punong Pari para maiwasan
ang anumang kaguluhan. 39 Ibinibigay ko ang
lunsod ng Tolemaida at ang lupain nito bilang
regalo sa Banal na Lugar ng Jerusalem para
matugunan ang mga gastos sa pagsamba.
40 Mula ngayo'y magbibigay ako ng labinlimang
libong pirasong pilak taun-taon para panustos
sa templo na kukunin naman sa kita ng kaharian
mula sa mga angkop na pook. 41 Bukod dito,
ipagkakaloob para sa mga gawa ng Bahay ang
lahat ng dapat ay ibinayad sa akin ng mga
tagapamahala sa mga nagdaang taon.

42 Nagbibigay din ako bilang karagdagan ng
limang libong pirasong pilak na pinapataw taun-
taon mula sa mga buwis sa Banal na Lugar at
ibibigay iyon sa mga pari na mangangasiwa sa
pagsamba. 43 Palilibrihin ang sinumang mag-
kakanlong sa Templo ng Jerusalem o sa alin-
mang sulok nito dahil sa kanyang mga utang sa
kaharian o dahil sa iba pang pagkakautang at di
gagalawin pati ang kanyang mga ari-arian sa
aking kaharian.

44 Isasama sa kuwenta ng hari ang gugugulin
sa pagpapatayong muli at pagbuo sa Banal na
Lugar, 45 gayundin ang mga gastos sa muling
pagpapatayo sa mga pader ng Jerusalem, ang
pagpapatibay ng tanggulan at ang pagpapatayo
sa mga pader sa mga lunsod ng Judea."

46 Hindi pinaniwalaan o tinanggap ni Yonatan
at ng bayan ang gayong mungkahi nang ka-
nilang mabalitaan sapagkat naalaala nila ang
grabeng kapinsalaang ginawa ni Demetrio sa
Israel at ang masasamang pakikitungo nito sa
kanila. 47 Mas gusto nilang pumanig kay Alejan-
dro, sapagkat ito ang unang naghandog ng
kapayapaan at naging tapat silang kakampi
nito. 48 Tinipon ni Alejandro ang isang maka-
pangyarihang hukbo at nagkampo sa tapat ni
Demetrio. 49 Sinimulan ng dalawang hari ang
digmaan at nalupig ang hukbo ni Demetrio.
50 Hinabol si Demetrio ni Alejandro hanggang
malupig ito. Tumagal hanggang takipsilim ang
labanan at namatay si Demetrio nang araw ding
iyon.

51 At nagpadala ng mga sugo si Alejandro
kay Tolomeong hari ng Ehipto para sabihing:

[52]"Narito na akong muli sa aking kaharian at
nasa trono ng aking mga ninuno; naghahari na
ako sa buong lupain pagkalupig kay Demetrio.
[53]Sinalakay ko siya at tinalo kasama ang kan-
yang hukbo. Nakaupo ako ngayon sa kanyang
trono. [54]Kaya maging magkaibigan na tayo.
Ipagkaloob mo sa akin ang iyong anak na da-
laga para maging maybahay ko at mamanu-
gangin mo ako at pagkakalooban ko kayo ng
mga regalong karapat-dapat sa inyo."

[55]Sumagot si Tolomeo: "Pagpalain ang araw
nang bumalik ka sa lupain ng iyong mga ninuno
at umakyat sa kanilang trono! [56]Gagawin ko
ngayon ang hinihingi mo sa sulat, ngunit katag-
puin mo ako sa Tolemaida. Doon tayo magkita
at tatanggapin kita bilang aking manugang na
siyang ibig mo."

[57]Umalis si Tolomeo sa Ehipto kasama ang
kanyang anak na si Cleopatra sa taong sandaa't
animnapu't dalawa at dumating sila sa Tole-
maida. [58]Kinatagpo siya ni Alejandro at ipinag-
kaloob niya ang kanyang anak na si Cleopatra at
ipinagdiwang ang marangyang kasalan tulad sa
nakagawian ng mga hari.

**Sinamantala ni Yonatan ang pagkakawatak-watak ng kanyang mga kaaway**

• [59]Sinulatan din ni Haring Alejandro si
Yonatan para katagpuin siya. [60]Kayat nagpunta
si Yonatan sa Tolemaida nang buong rangya at
kinatagpo ang dalawang hari. At binigyan niya
ang kanyang mga Kaibigan ng maraming pilak
at ginto at iba pang mga regalo. [61]Nagtipun-
tipon naman ang mga tao na salot ng Israel at
pinagbintangan si Yonatan ngunit di iyon pi-
nansin ng hari. [62]Iniutos pa ng hari na hubarin ni
Yonatan ang kanyang damit at magsuot ng
kulay ube at gayon nga ang nangyari. [63]Pinaupo
rin siya ng hari sa tabi nito at sinabi sa mga
heneral: "Sumama kayo sa kanya sa gitna ng
lunsod at ipahayag na walang sinumang mag-
bibintang kay Yonatan o pipinsala sa kanya sa
anumang dahilan." [64]Nakita ng mga nagbibin-
tang ang karangalang ipinagkaloob sa kanya,
gaya ng ipinahayag, at nakasuot siya ng kulay
ube kayat nagsitakbo sila. [65]Malaking kara-
ngalan ang ipinagkaloob ng hari kay Yonatan at
ibinilang siya sa mga unang Kaibigan at hinirang
siyang heneral at gobernador. [66]Kayat bumalik
sa Jerusalem si Yonatan na nagagalak at ligtas.

[67]Sa taong sandaa't animnapu't lima, nag-
balik si Demetriong anak ni Demetrio mula
sa Creta sa lupain ng kanyang mga ninuno.
[68]Balisang-balisa ang Haring Alejandro nang
mabalitaan ito kayat bumalik siya sa Antiokia.
[69]Hinirang ni Demetrio si Apoloniong goberna-
dor ng Celesiria bilang punong heneral niya at
tinipon nito ang isang malaking hukbo. Nag-
kampo siya sa Jamnia at nagpadala ng sumu-
sunod na mensahe kay Yonatang Punong Pari:

[70]"Ikaw lamang ba ang hahadlang sa aming
kapangyarihan? At tutuyain ba ako dahil la-
mang sa iyo? Bakit mo nilalabanan ang aming
kapangyarihan sa iyong mga bundok? [71]Lumu-
song ka sa kapatagan kung may tiwala ka sa
iyong hukbo at doon tayo magsukatan ng lakas,
sapagkat kasama ko ang hukbo ng mga lunsod.

[72]Alamin mo at kilalanin kung sino ako
at kung sinu-sino ang mga sumusuporta sa
akin. [73]At malalaman mong di mo kami ka-
yang labanan, sapagkat dalawang beses nang
natalo ang iyong mga ninuno sa sarili nilang
lupain. Lalong di mo mahahadlangan ang
mga kabayuhang sundalo o ang napakalaking
hukbo sa kapatagang walang mga batong
kukublihan."

[74]Naligalig si Yonatan nang mabatid ang
mensahe ni Apolonio. Kayat pumili siya ng
sampunlibong tao at umalis sa Jerusalem. Du-
mating naman ang kanyang kapatid na si Simon
para tulungan siya. [75]Nagkampo sila sa tapat ng
Jope pero pinagsarhan sila ng mga pintuan ng
tagaroon sapagkat mayroong garison doon si
Apolonio. [76]Kayat kinalaban nila ang lunsod.
Natakot ang mga tagaroon at binuksan nila ang
mga pintuan at sinakop ni Yonatan ang Jope.
[77]Nalaman iyon ni Apolonio at pinakilos niya
ang tatlunlibong kabayuhang sundalo at ang
malaking hukbo. Nagpunta siya sa Asdod at
nagkunwaring babagtas dito, ngunit sa katu-
nayan papunta siya sa kapatagan sapagkat
marami siyang mga kabayuhang sundalo na
inaasahan. [78]Hinabol siya ni Yonatan pa-Asdod
at naglaban sila. [79]Nag-iwan si Apolonio ng

---

• 59. Lalong nasasangkot si Yonatan sa pulitika, at hindi itinatago ng kabanatang ito ang lahat ng karumihan ng pulitika na karaniwang nagaganap at ginagawa. Kaya napatutunayan ang binigyang-pansin natin hinggil kay Judas (9:1): lumipas na ang panahon ng muling pagtatayo sa kaharian ng Diyos na magiging isang bansa sa piling ng mga bansa.

Misyon ng mga Kristiyano ang lumahok sa pulitika bilang pampaalsa sa masa, sa kabila ng mga tukso at pagkakamaling lagi nilang makakaharap sa maraming taong walang konsiyensya. Ngunit kailangang maging maingat ang Iglesya na huwag magbalik sa dating paghanap ng tagumpay sa pakikipagkasundo sa mga puwersang may kinakampihan. Hindi dapat ipagkamali ang likas na misyon ng Iglesya sa anumang programang pulitikal. At isa pa'y hindi pinaghahati-hati ng Iglesya ang mga tao bilang mabuti at masama, kakampi o kalaban, ayon sa kanilang posisyon sa pakikibaka sa lipunan.

isang libong piniling kabayuhang sundalo sa
likuran ni Yonatan, 80 ngunit napag-alaman
agad ni Yonatan ang tungkol sa pananambang
sa likuran niya.

Pinaligiran ng mga kabayuhang sundalo ang
hukbo ni Yonatan at nagpawala sila ng mga
pana mula umaga hanggang gabi. 81 Ngunit
hinarap sila ng mga Israelita tulad ng iniutos ni
Yonatan hanggang sa napagod na ang mga
kabayo ng kaaway. 82 Kayat pinasugod ni Simon
ang kanyang mga tauhan at sinalakay ang hukbo
nang nahapo na ang mga kabayuhang sundalo.
Nalupig ang mga kaaway at nagsitakas.

83 Kumalat ang mga kabayuhang sundalo sa
kapatagan at nagpunta ang mga nakatakas sa
Asdod at pumasok sa Bahay ni Dagon na kanilang
templo ng mga diyus-diyusan, para iligtas
ang kanilang buhay. 84 Pero sinunog ni Yonatan
ang Asdod at ang mga karatig bayan at sinamsaman
niya. Sinunog din niya ang templo ni
Dagon kasama ang lahat ng nagkukubli doon.
85 Mga walong libong kawal ang napatay ng tabak
o natupok ng apoy. 86 At umalis si Yonatan pa-
Askalon at binigyan siya ng malaking parangal
ng mga tagaroon. 87 Mula roo'y, nagbalik si
Yonatan at ang mga kasama niya sa Jerusalem
dala ang kanilang mga nasamsam.

88 Nabalitaan ni Alejandro ang mga pangyayaring
ito at ginawaran niya si Yonatan ng mga
bagong karangalan. 89 Pinadalhan niya ito ng
gintong alpiler na karaniwang ipinagkakaloob
lamang sa mga kamag-anak ng hari. Ipinagkaloob
din niya kay Yonatan ang Ekron at lahat ng
lupaing sakop niyon.

**11** 1 Ngunit nagtipon si Tolomeong hari ng
Ehipto ng hukbong sindami ng buhangin
sa dalampasigan at ng maraming bapor dahil sa
balak niyang linlangin si Alejandro para maagaw
ang kaharian nito at idagdag sa kanyang
kaharian. 2 Pagtuloy niya sa Siria na taglay ang
mga kataga ng pakikipagkasundo'y binuksan
ng mga tagalunsod ang mga pintuan para sa
kanya at sinalubong siya tulad sa iniutos ni
Alejandro sapagkat biyenan niya siya. 3 Subalit
pagkapasok ni Tolomeo sa mga lunsod, kaagad
siyang nagtalaga ng mga garison doon. 4 Ipinakita
sa kanya pagdating sa Asdod ang natupok
na templo ni Dagon, ang Asdod at ang mga
karatig na gumuho, ang nagkalat na mga bangkay
na pinabayaan at ang tira-tirahan ng mga
sinunog ni Yonatan sa labanan na nakatambak
sa dinaanan ng hari.

5 Isinalaysay nila kay Haring Tolomeo ang
lahat ng ginawa ni Yonatan at hinintay nilang
masamain iyon ng hari ngunit walang sinabing
anuman ito. 6 Nagtuloy si Yonatan sa Jope sa
gitna ng malaking karangyaan upang makipagkita
sa hari. Nagbatian ang dalawa at pinaraan
nila roon ang gabi. 7 Sinamahan ni Yonatan ang
hari kinabukasan hanggang sa Ilog Eleuterio at
nagbalik siya sa Jerusalem. 8 Sinakop naman ni
Haring Tolomeo ang mga lunsod sa pampangin
hanggang sa Seleucia sa tabing-dagat sapagkat
nakabuo na siya ng pakana laban kay Haring
Alejandro. 9 Nagpadala siya ng mensahe kay
Demetrio: "Pumunta ka rito agad at gumawa
tayo ng kasunduan. Ipagkakaloob ko sa iyo ang
aking anak na kasal kay Alejandro at maghahari
ka sa trono ng iyong mga ninuno. 10 Pinagsisisihan
ko ang pagkabigay ko sa kanya ng
aking anak na babae, sapagkat tinangka niyang
patayin ako." 11 Pinaratangan niya si Alejandro
dahil sa ninais niyang agawin ang kaharian nito.
12 Binawi ni Tolomeo ang kanyang anak na
babae at ipinagkaloob kay Demetrio. Kayat
nabunyag na nilayuan niya si Alejandro at magkaaway
na sila. 13 Inangkin ni Tolomeo ang
korona ng Asia pagpasok niya sa Antiokia.
Kayat naghari siya sa dalawang kaharian: ang
kaharian ng Ehipto at ang kaharian ng Asia.

14 Nasa Cilicia si Alejandro nang panahong
iyon at tinatangka niyang sugpuin ang isang
himagsikan. 15 Nabalitaan niya ang nangyari at
nagbalik siya para kalabanin si Tolomeo.
Lumabas si Tolomeo para makipaglaban kasama
ang malakas na hukbo at nalupig si
Alejandro. 16 Tumakas siya pa-Arabia para
magtago roon. 17 Pero pinugutan siya ng ulo ng
Arabong si Zabdiel at ipinadala iyon kay Tolomeo.
18 Namatay si Tolomeo makalipas ang
tatlong araw at agad pinatay ng taumbayan ng
mga kinutaang lunsod ang mga Ehipsiyong
sundalo na nagtatanod doon. 19 Kayat naging
hari si Demetrio sa taong sandaa't animnapu't
pito.

20 Tinipon naman ni Yonatan nang mga araw
na iyon ang hukbong Judio para salakayin ang
Kuta sa Jerusalem na sinakop ng mga Sirio at
naghanda siya ng mga makinang pang-kubkob.
21 Ngunit may ilang masasamang taong nagagalit
sa kanilang bayan ang nagpunta sa hari
at sinabi na nilulusob ni Yonatan ang Kuta.
22 Nagalit ang hari nang malaman iyon at nagpunta
siya agad sa Tolemaida. Mula roo'y sinulatan
niya si Yonatan na itigil ang pananakop at
makipagkita sa kanya sa Tolemaida sa lalong
madaling panahon. 23 Tinanggap ni Yonatan ang
mensahe, ngunit iniutos niya ang pagpapatuloy
sa pagkubkob. Ipinasya niyang isuong na sa
panganib ang kanyang sarili at nakipagkita sa
hari kasama ang mga matatanda at pari ng

Israel. 24 Nagdala sila ng ginto, pilak, maga-
garang kasuotan at iba pang regalo at humarap
sa hari sa Tolemaida at nakuha ang loob nito.
25 Pinagbintangan sila ng ilang taksil na taga-
Judea. 26 Ngunit pinakitunguhan ng hari si
Yonatan sa harap ng lahat ng mga Kaibigan nito
tulad ng pakikitungo sa kanya ng mga naunang
hari. 27 Pinagtibay niya ang puwesto ni Yonatan
bilang Punong Pari kasama ang mga karapa-
tang tinatamasa na nito. At ibinilang niya ito sa
kanyang mga pangunahing Kaibigan.

28 Hiniling ni Yonatan sa hari na huwag nang
buwisan ang Judea at ang tatlong distrito ng
Samaria at nangako siya ng kapalit na tatlun-
daang talento. 29 Pumayag ang hari at isinulat
kay Yonatan ang tungkol doon sa mga katagang
ito: 30 "Ipinababatid ni Haring Demetrio kay
Yonatan, sa kanyang mga kapatid at sa buong
bansang Judio ang kapayapaan. 31 Pinadadal-
han namin kayo ng kopya ng sulat na ipinadala
namin sa aming kamag-anak na si Lastenes
para malaman ninyo: 32 Bumabati si Haring
Demetrio sa kamag-anak na si Lastenes. Dahil
sa kanilang katapatan sa atin, ipinasya naming
maghandog sa bansang Judio, na mga kaibigan
natin at nakikitungo nang mabuti sa atin. 33 Hi-
nahangad naming gantimpalaan ang kanilang
katapatan. 34 Pinagtitibay namin ang pag-aari
nila sa lupain ng Judea at ng tatlo pang rehiyon
ng Aferema, Lidda at Ramatayim na idinagdag
sa Judea galing sa Samaria kasama ang lahat
ng sakop ng mga iyon. At sa lahat ng magpu-
punta sa Jerusalem para mag-handog, ililibre
namin sila sa buwis na dating tinatanggap taun-
taon ng hari galing sa kanila, sa ani ng lupa at
sa mga prutas.

35 Malilibre rin sila sa iba pang buwis na
kailangang ibayad sa amin laluna sa mga buwis
sa mina ng asin at ng mga koronang gintong
dating inihahandog sa amin. 36 Hindi pawa-
walang-bisa ang alinman sa mga karapatang
ito. 37 Gumawa ka ng kopya ng kautusang ito at
ipadala kay Yonatan para ipaskel sa Banal na
Bundok sa isang dakong madaling makita."

38 Nagawa ni Haring Demetrio na ipailalim sa
kanyang pamamahala ang kaharian at walang
sinumang nagtangkang kalabanin siya kayat
binuwag niya ang kanyang hukbo, pinauwi ang
lahat ng sundalo sa kani-kanilang pamilya ma-
liban sa mga sundalong banyaga na kinalap niya
galing sa mga pulo ng mga pagano. At ikinagalit
ito ng lahat ng sundalong naglingkod sa kanyang
mga ninuno. 39 At sinamantala ni Tripon na isa sa
mga dating taga-sunod ni Alejandro ang pag-
kagalit ng hukbo kay Demetrio. Pinuntahan niya
si Imalcueng Arabe na namamahala sa pag-
aaral ni Antiokong anak ni Alejandro. 40 Hinimok
siya ni Tripong ibigay dito ang bata para maibalik
sa trono ng kanyang amang si Antioko. Ibinalita
niya ang lahat ng pasya ni Demetrio at ang
pagkainis dito ng mga kawal. At nanatili siya
roon nang matagal na panahon.

41 Hiningi naman ni Yonatan kay Haring
Demetrio na alisin ang mga taong nasa Kuta ng
Jerusalem at pabalikin ang lahat ng garison sa
mga tanggulan sapagkat lagi nilang kinakala-
ban ang Israel. 42 Sumagot si Demetrio: "Hindi
lang ito ang gagawin ko para sa iyo at sa iyong
bayan, kundi pararangalan pa kita at ang iyong
bayan sa unang pagkakataon. 43 Makabubuting
padalhan mo ako ngayon ng mga sundalo sa-
pagkat nilayasan ako ng aking hukbo."

44 Nagpadala si Yonatan ng tatlunlibong ma-
tatapang na sundalo sa Antiokia; humarap ang
mga sundalo sa hari at naligayahan siya. 45 Nag-
tipun-tipon ang mga isandaa't dalawampung
libong rebeldeng taumbayan sa kalagitnaan ng
lunsod sa paghahangad na patayin ang hari 46 at
nagtago si Demetrio sa palasyo habang ino-
kupa ng mga taumbayan ang mga kalsada ng
lunsod at nagsimula silang sumalakay. 47 Kayat
tinawagan ng hari ang mga Judio para tulungan
siya at nagtipun-tipon sila kasama niya. Ku-
malat sila sa lunsod at pinatay ang sandaang
libong tao nang araw na iyon. 48 Sinunog nila ang
lunsod, kinamkam ang mga ari-arian at iniligtas
ang hari. 49 Nang makita ng mga tao na nasakop
ng mga Judio ang lunsod, nasiraan sila ng loob
at nagmakaawa sila sa hari: 50 "Patawarin ninyo
kami at patigilin ang mga Judio sa pamiminsala
sa amin at sa lunsod."

51 Ibinaba ng mga ito ang kanilang mga
armas at nakipagkasundo. Kayat hinangaan ng
hari ang mga Judio at naging tanyag sila sa
buong kaharian. At nagbalik sila sa Jerusalem
dala ang mga nakamkam. 52 Ngunit nang ligtas
na si Demetrio sa kanyang trono at payapa na
ang lupain, 53 nalimutan niya ang kanyang mga
pangako at nagbago ang kanyang pagtingin kay
Yonatan. Wala nang ipinagkaloob sa kanya
pagkatapos ng mga kabutihang ipinakita niya
kundi nagsimula siyang magmatigas dito.

54 At nagbalik pagkatapos nito si Tripon na
kasama si Antioko na paslit pa lamang. Ipina-
hayag siyang hari at pinutungan ng korona.
55 Pumanig sa kanya ang mga sundalong pina-
layas ni Demetrio. Kinalaban nila si Demetrio at
tumakas ito. 56 Inagaw ni Tripon ang mga ele-
pante at sinakop ang Antiokia.

57 At nagpadala ng sulat kay Yonatan ang
batang si Antioko na nagsasabing: "Pinagtitibay
ko ang puwesto mo bilang Punong Pari at

gobernador ng apat na distrito, at ibinibilang kita
sa mga Kaibigan ng Hari." 58 Nagpadala siya ng
huwego ng gintong pinggan at pinagkalooban
ng karapatang uminom sa mga gintong kopa at
magsuot ng kulay ube at gumamit ng gintong
alpiler. 59 Hinirang din niya ang kapatid ni Yona-
tang si Simon bilang heneral mula sa Hagdan ng
Tiro hanggang sa mga gilid ng Ehipto.

60 At nilibot ni Yonatan ang rehiyon at mga
lunsod sa dakong kanluran ng Eufrates. Duma-
ting ang buong hukbong Sirio para tulungan
siya. Nagpunta siya sa Askalon at sinalubong
siya at pinarangalan ng mga tagaroon. 61 Mula
roo'y nagtuloy siya sa Gaza pero pinagsarhan
siya ng mga pintuan ng mga tagaroon. Kayat
nilusob niya iyon at sinunog ang mga karatig ng
lunsod at kinamkam ang lahat. 62 At humingi ng
kapayapaan ang mga taga-Gaza at nakipag-
kasundo naman siya. Pero kinuha niya ang mga
anak na lalaki ng mga matatanda bilang bihag at
ipinadala sa Jerusalem. At dumaan siya sa
probinsya hanggang makarating sa Damasco.
63 Tumanggap naman ng balita si Yonatan na
nasa Kades ng Galilea ang mga heneral ni
Demetrio kasama ang malaking hukbo at bina-
balak na bihagin siya. Iniwan niya ang kanyang
kapatid na si Simon sa Judea 64 at nakipag-
digma siya. 65 Sinalakay ni Simon ang Bet-zur at
kinubkob iyon nang ilang araw. 66 Humingi ng
kapayapaan ang mga tagaroon at ipinagkaloob
naman niya ito. Pero pinalayas niya ang mga
iyon sa lunsod, sinakop ang lunsod at naglagay
siya ng garison doon.

67 Nagkampo naman si Yonatan at ang kan-
yang hukbo sa pampang ng Genesaret; at ma-
agang-maaga kinabukasan, nagpunta sila sa
kapatagan ng Hazor. 68 Sinalubong sila ng
hukbo ng mga pagano sa kapatagan matapos
nilang maihanda ang pananambang sa kabun-
dukan sa likuran niya. 69 Sa paglabas at pag-
salakay ng mga nananambang, 70 tumakas ang
mga taong nasa gilid ni Yonatan at walang
naiwan maliban kina Matatias na anak ni Absa-
lom at Judas na anak ni Kalfi, ang mga pinuno
ng kanyang hukbo. 71 At winarak ni Yonatan ang
kanyang kasuotan, binudburan ng alikabok ang
kanyang ulo at nanalangin. 72 At hinarap niya
ang mga sumasalakay, nilupig at tumakbo ang
mga iyon.

73 Kayat nagsibalik ang mga nagpabaya sa
kanya at magkakasamang tinugis nila ang mga
kaaway hanggang sa Kades na kinaroroonan ng
kampo ng mga kaaway at doon din sila nagtayo
ng kampo. 74 Mga tatlunlibong pagano ang na-
patay nang araw na iyon. At nagbalik sa Jerusa-
lem si Yonatan.

**Muling nakipag-alyansa si Yonatan sa mga Romano at mga Espartano**

12 1 Nakita ni Yonatan na nakabuti sa kanya
ang mga pangyayari. Kayat pumili siya
ng ilang mga tauhang ipinadala sa Roma para
pagtibayin at baguhin ang kasunduan ng pa-
kikipagkaibigan sa mga Romano. 2 Nagpadala
rin siya ng mga sulat sa mga Espartano at sa iba
pang pook para sa gayunding layunin. 3 Puma-
sok sa Senado ang mga nagpunta sa Roma at
nagsabi: "Sinugo kami ng Punong Paring si
Yonatan at ng bansang Judio para buhayin ang
aming pakikipagkaibigan sa inyo at ang tipang
nagbuklod sa atin." 4 Binigyan sila ng Senado ng
mga sulat ng rekomendasyon sa mga maka-
pangyarihan ng bawat rehiyon para makapag-
lakbay silang ligtas pabalik sa lupain ng Judea.

5 Ito ang kopya ng sulat na isinulat ni Yonatan
sa mga Espartano: 6 "Mula kay Yonatang Pu-
nong Pari, ang Senado ng bansa, ang mga pari
at ang buong bansa ng mga Judio, sa mga
mamamayan ng Esparta at sa kanilang mga
kapatid: maligayang bati. 7 Nakatanggap noon
ang aming Punong Paring si Onias mula sa
inyong haring si Ario ng isang liham na nagsa-
sabing mga kapatid nga namin kayo, ayon sa
napatunayan sa mga kalakip na patotoo. 8 Sina-
lubong at pinarangalan ni Onias ang sugo at
tinanggap ang sulat na maliwanag na tumata-
lakay sa pakikipagkaibigan at pakikiisa.

9 Bagamat hindi kami nangangailangan sa-
pagkat nasa aming Banal na Aklat ang aming
kaaliwan, 10 ipinasya naming magsugo sa inyo
ng aming mga kinatawan para buhaying muli
ang ating kapatiran at pakikipagkaibigan at
nang di kami maging mga banyaga sa inyo
sapagkat matagal na ring di kayo sumusulat sa
amin.

11 Lagi namin kayong ginugunita sa lahat ng
pagkakataon, sa mga tanging araw, sa mga
sinunog na handog na aming alay, gayundin sa
aming mga panalangin; sapagkat tama lamang
at angkop na alalahanin ang mga kapa-
tid. 12 Lubos naming ikinagagalak ang inyong
katanyagan. 13 Dumaan din naman sa mara-
ming pagsubok, paghihirap at pakikidigma sa-
pagkat sinalakay kami ng mga karatig na hari.
14 Subalit di namin hinangad na maging pabigat
sa inyo o sa iba pa naming mga kakampi at
kaibigan sa mga pakikidigmang ito, 15 sapagkat
Langit ang tumutulong sa amin. Sa wakas, na-
kalaya rin kami sa aming mga kaaway na na-
ging kahiya-hiya.

16 Kayat pinili namin si Neumeniong anak ni
Antioko at si Antipater na anak ni Yason at
sinugo sila sa mga Romano para buhayin ang

dati naming pakikipagkaibigan at pakikiisa sa
kanila. 17 Iniutos din namin sa kanila na pun-
tahan kayo, batiin at ibigay ang sulat na ito
galing sa amin, para buhayin ang ating pagka-
kaisa. 18 Ikagagalak naming tumanggap ng
kasiya-siyang sagot."

19 Ito ang kopya ng sulat na tinanggap na dati
ni Onias: 20 "Mula kay Ariong hari ng mga
Espartano kay Onias na Punong Pari. 21 Natuk-
lasan namin sa isa sa aming mga kasulatan na
magkapatid ang mga Espartano at mga Judio
sapagkat kapwa sila lahi ni Abraham. 22 Ngayong
alam na namin ito, magpapasalamat kami kung
magbabalita kayo sa amin ng inyong katayuan.
23 At sinasabi namin ito sa inyo: inyo ang aming
mga hayop at mga ari-arian, at sa gayunding
paraan, amin ang inyo. Ito ang itinagubilin namin
sa aming mga sugo na sabihin sa inyo."

24 Nalaman ni Yonatan na dumating na ang
mga heneral ni Demetrio, kasama ang mas
malaking hukbo kaysa dati para salakayin siya.
25 Kayat kaagad siyang umalis pa-Jerusalem at
hinarap niya ang mga iyon sa bayan ng Amatitis
para hindi sila magkaroon ng pagkakataong
salakayin ang kanyang lupain. 26 Nagsugo siya
ng mga espiya sa kampo ng mga ito. Nagbalik
ang mga ito at sinabing naghahandang suma-
lakay ang kaaway kinagabihan.

27 Kayat sa paglubog ng araw, iniutos ni
Yonatan sa kanyang mga tao na magbantay sa
buong magdamag na hawak ang mga sandata
at maging handa sa pakikipaglaban. At nag-
talaga siya ng mga tanod sa paligid ng kampo.
28 Nalaman ng mga kaaway na nagbabantay si
Yonatan at ang mga kasama nito at handang
makipaglaban kayat natakot sila at nasiraan ng
loob. Dahil dito'y nagsindi sila ng mga apoy sa
kanilang kampo at tumakas. 29 Ngunit di nala-
man ni Yonatan o ng kanyang hukbo ang pag-
takas ng mga ito kundi noong umaga na lamang
sapagkat nakita nilang may mga apoy sa buong
magdamag. 30 Hinabol ni Yonatan ang mga ito
pero di na inabot sapagkat nakatawid na sila sa
Ilog Eleuterio.

31 Kayat binalikan ni Yonatan ang mga Arabe
na tinatawag na mga Sabadeom at nilupig ang
mga ito at pinagnakawan. 32 Inalis niya ang
kampo at nagpunta siya sa Damasco at nilibot
ang buong rehiyon. 33 Lumakad naman si Simon
at nakarating hanggang sa Askalon at sa mga
karatig na kuta. At nagtuloy siya sa Jope at
sinakop iyon, 34 sapagkat nabalitaan niyang
binabalak ng mga tagaroon na ihulog ang Kuta
sa mga kasapi ni Demetrio. At naglagay siya
roon ng garison para tanuran iyon.

35 Pagbalik ni Yonatan, ipinatawag niya ang
mga matatanda ng bayan. Ipinasya nilang mag-
tayo ng mga tanggulan sa Judea, 36 pataasin ang
mga pader ng Jerusalem at magtayo ng mataas
na harang sa pagitan ng kuta at ng lunsod para
ibukod iyon sa lunsod at mapigilan ang mga
tagapagtanggol niyon na lumabas para mamili
o magtinda. 37 At nagpulong din sila para
itayong muli ang lunsod. Isang bahagi ng pader
sa itaas ng ilog ang bumagsak at nagtayo sila ng
bagong pader na tinawag nilang Kapanata.
38 Itinayong muli ni Simon ang Adida sa Sefela,
kinutaan iyon at nilagyan ng mga pintuang may
harang.

39 Hinangad ni Tripong maghari sa Asia at
patalsikin si Haring Antioko para siya na ang
maging hari. 40 Ngunit nangangamba siyang
baka hindi siya pahintulutan ni Yonatan, at sa
halip salakayin pa siya. Kayat naghanap siya ng
paraan upang mabihag niya ito at mapatay.
Lumakad siya at dumating sa Betsan. 41 Agad
lumabas si Yonatan at sinalubong siya sa Betsan
kasama ang apatnapung libong kawal.

### Nabihag si Yonatan

• 42 Nakita ni Tripon na dumating si

---

• **12.**42 Pagkamatay ni Judas at ng dalawa niyang kapatid, si Yonatan naman ang mamamatay sa digmaan para sa kalayaan. Hahalili sa kanya si Simon na nag-iisa na lamang sa mga magkakapatid.

Ipinagpapatuloy ng libro ang salaysay ng gobyerno ni Simon at ang kanyang mga gawa hanggang sa patayin siya sa taong 134 bago kay Kristo.

Magtatagumpay si Simon sa kanyang mga pakiki-pagdigma. Alam niya kung paano gamitin para sa sariling kapakinabangan ang kompitensya ng maraming hari na pinaglalabanan ang trono ng kaharian ng Persia. Ang kanyang mga tagumpay at ang kapayapaang nakamit niya ang magpapalamig sa sigasig para sa pananampalataya na siyang naging simula ng digmaan para sa kalayaan. Si Simong tagapagpalaya ay magiging Simong diktador sa katapusan ng isang prosesong napakadalas maulit sa kasaysayan. Tingnan hinggil dito: 14:41-47; 15:23.

Pagkaraan ng sandantaon at kalahati, sa pagdating ni Jesus, ang mga inapo na ni Simon ang magiging mga punong pari. Ang mga ito ang pinakamateryalistang grupo sa mga Judio (ang partido ng mga Saduceo). Isa sa kanila si Caifas na naghatol ng kamatayan kay Jesus.

Bigyang-pansin ang pahapyaw na nabanggit sa 13:41-42 at sa 15:3. Pagkaraan ng apat na dantaon ng kawalang-kalayaan, ang mga Judio ay magiging isang bansa uli.

Ipinaliliwanag ng bago at masayang karanasang ito kung bakit pagkatapos ng sandaan taon at kalahati sa panahon ni Jesus, hindi nila matagalan ang dominasyon ng imperyong Romano.

Yonatan na kasama ang malaking hukbo
at natakot siyang salakayin ito. 43 Kayat
tinanggap niya at pinarangalan si Yona-
tan, iniharap sa lahat ng kanyang mga
Kaibigan, binigyan ng mga regalo at inu-
tusan ang kanyang mga Kaibigan at
hukbo na sundin si Yonatan na parang
siya na rin ito. 44 At tinanong niya si Yo-
natan: "Bakit ka pa nag-abalang pumarito
na kasama ang ganyan karaming tauhan?
Magkaaway ba tayo? 45 Pauwiin mo na sila
sa kanilang mga tahanan at magtira ka
na lang ng ilan. At sumama ka sa akin
sa lunsod ng Tolemaida sapagkat gusto
kong ipagkaloob iyon sa iyo, gayundin
ang iba pang tanggulan, ang mga garison
at mga opisyal. Uuwi na ako sapagkat ito
lamang ang ipinarito ko."

46 Naniwala si Yonatan kay Tripon at
ginawa niya ang sinabi nito. Pinauwi niya
ang kanyang mga sundalo at nagsibalik
sila sa lupain ng Judea. 47 Tatlunlibong
kawal ang naiwan sa kanya. Iniwan pa
nito ang dalawang libo sa Galilea at san-
libo na lamang ang kasama niya. 48 Ngunit
pagkapasok nila sa Tolemaida, ipininid ng
mga tagaroon ang mga pintuan. Binihag
siya at pinatay ang lahat ng kasama niya.

49 Nagpadala si Tripon ng lakad na
kawal at kabayuhan sa Galilea at sa Mala-
king Kapatagan para lipulin ang lahat ng
mga kakampi ni Yonatan. 50 Nabalitaan ng
mga ito na binihag at pinatay si Yonatan at
mga kasama nito; pinalakas ng isa't isa
ang kanilang loob at hinarap ang mga
humahabol sa kanila. 51 Nakita ng mga
kaaway na handa silang lumaban, kayat
nagsiurong ang mga iyon. 52 Sa gayon,
ligtas silang nakarating sa Judea. Iniya-
kan nila si Yonatan at ang mga kasama
nito at natakot sila; at nanangis ang buong
Israel. 53 Binalak ng mga karatig-bansa na
lipulin sila nang malamang wala na silang
pinuno o kaibigan; at sinabi ng mga pa-
gano: "Ito na ang pagkakataon para bura-
hin ang kanilang alaala."

**Humalili si Simon kay Yonatan**

**13** 1 Nabalitaan ni Simon na tinipon ni Tripon
ang malaking hukbo para salakayin ang
Judea at wasakin iyon. 2 Nagpunta siya sa
Jerusalem sapagkat nabalisa at natakot ang
bayan. 3 Tinipon niya ang bayan at pinalakas
ang loob sa talumpating ito:

4 "Alam na ninyong lahat kung ano ang
ginawa ko, ng aking mga kapatid at ng sam-
bahayan ng aking ama para sa mga batas at sa
Banal na Lugar, at ang mga digmaan at pag-
hihirap na tiniis namin. Alang-alang dito at para
na rin sa Israel namatay ang lahat ng aking mga
kapatid at naiwan akong nag-iisa. 5 Hinding-
hindi ko hahanapin ang aking sariling kaligtasan
kapag lumulubha na ang mga pangyayari!
Sapagkat di ako higit na mahalaga kaysa aking
mga kapatid. 6 Ngayong nagkakaisa na ang
lahat ng bansa sa kanilang poot laban sa atin
para lipulin tayo, ipagtatanggol ko ang aking
bansa at ang Banal na Lugar, ang inyong mga
maybahay at mga anak."

7 Lumakas ang loob ng lahat dahil sa mga
salitang ito 8 at isinigaw nila: "Ikaw na ang ma-
ging pinuno namin bilang kahalili ni Judas at ng
kapatid mong si Yonatan. 9 Mamuno ka sa amin
sa digmaan at susundin namin ang iyong mga
utos."

10 Kayat tinipon ni Simon ang mga lalaki na
maaaring makipaglaban at minadaling tapusin
ang mga pader ng Jerusalem na nakukutaan sa
lahat ng panig. 11 At pinapunta niya sa Jope si
Yonatang anak ni Absalom kasama ang ma-
lakas na hukbo. Itinaboy nila ang mga tagaroon
at nanatili sila roon.

12 Nilisan naman ni Tripon ang Tolemaida
kasama ang malaking hukbo para salakayin
ang Judea. Isinama niya si Yonatan bilang
bihag. 13 Nagkampo si Simon sa Adida paharap
sa kapatagan. 14 Ngunit nalaman ni Tripon na si
Simon na ang namumuno bilang kahalili ng
kapatid nitong si Yonatan at nakahandang
labanan siya kayat nagsugo siya ng ilang kina-
tawan dala ang mensaheng ito: 15 "Pinipigil
namin ang iyong kapatid na si Yonatan dahil sa
perang utang niya sa kabang-yaman ng palasyo
dahil sa mga puwestong hinawakan niya. 16 Ka-
yat ipadala mo ang sandaang talento ng pilak at
dalawa sa kanyang mga anak na lalaki bilang
panagot para hindi siya tumakas kapag pina-
laya namin at bumalik para labanan kami. At
saka namin siya palalayain."

17 Alam ni Simon na nililinlang siya ni Tripon
ngunit ipinadala pa rin niya ang salapi at ang
mga batang lalaki para huwag siyang mapin-

tasan ng bayang magsasabi: 18 “Pinatay si Yona-
tan sapagkat tumanggi si Simon na ipadala kay
Tripon ang pera at ang mga batang lalaki.”
19 Kayat ipinadala niya ang mga batang lalaki at
ang sandaang talento. Ngunit sumira si Tripon
sa usapan at di rin niya pinalaya si Yonatan.

20 At sumalakay si Tripon para sakupin ang
Judea at samsaman iyon. Lumiko siya sa daang
pa-Adora, ngunit hinarap siya ni Simon at ng
hukbo nito saanman siya magpunta. 21 At nag-
padala kay Tripon ng mga sugo ang mga taga-
Kuta at hinimok siyang dumaan sa disyerto para
dalhan ng pagkain ang mga ito. 22 Inihanda ni
Tripon ang kanyang buong hukbong kabayuhan
para lumakad, ngunit matindi ang ulan ng
niyebe nang gabing iyon kayat di siya naka-
lakad. Nagpunta na lamang siya sa Galaad 23 at
nang malapit na siya sa Bascuna, pinatay niya
si Yonatan at inilibing doon. 24 At nagbalik si
Tripon sa sariling lupain. 25 Ipinahanap ni Simon
ang bangkay ng kapatid niyang si Yonatan, at
inilibing iyon sa Modin, ang lunsod ng kanilang
mga ninuno. 26 Nagluksa ang buong Israel at
tinangisan si Yonatan nang maraming araw.

27 Nagtayo ng mataas na bantayog si Simon
sa ibabaw ng nitso ng kanyang mga ninuno at
mga kapatid. Kita ito kahit sa malayo dahil sa
marmol ang likod at harap nito. 28 Nagtayo siya
ng pitong piramide na magkakaharap para sa
kanyang ama't ina at apat na kapatid na lalaki.
29 Pinaligiran niya ang mga piramide ng mata-
taas na haligi at inukitan ng mga sandata, bilang
walang hanggang alaala; at sa tabi ng sandata'y
mga inukit na bapor na maaaring makita ng
lahat ng naglalayag sa dagat. 30 Ito ang libingan
na ipinatayo niya sa Modin at naroon pa rin ito
hanggang ngayon.

31 Nagtaksil si Tripon sa batang Haring Antio-
ko, at pinatay ito. 32 Hinalinhan niya ito at
ipinutong sa ulo ang korona ng Asia at gumawa
ng malaking kaguluhan sa lupain.

33 Muling itinayo ni Simon ang mga tanggulan
ng Judea, pinaligiran iyon ng matataas na tore
at matitibay na pader na may pintuang may
harang at nag-imbak ng pagkain doon.

34 Pumili ng mga tauhan si Simon na ipina-
dala niya kay Haring Demetrio sa hangad na
mailibre sa buwis ang lupain dahil sa puro pa-
ngangamkam ang ginagawa ni Tripon. 35 Pina-
unlakan ni Haring Demetrio ang kanyang kahi-
lingan at sinulatan siya ng sumusunod:

36 “Binabati ni Haring Demetrio si Simong
Punong Pari at Kaibigan ng Hari, ang mga ma-
tatanda at ang bansang Judio. 37 Tinanggap
namin ang mga koronang ginto at ang palma na
ipinadala mo sa amin at nakahanda kaming
makipagkasundo sa inyo nang pangmatagalan,
at sumulat sa mga pinuno para huwag na ka-
yong singilin sa inyong mga utang. 38 May bisa
na lahat ang aming mga konsesyon para sa
inyong kapakanan at sa inyo na ang mga kutang
itinayo ninyo.

39 Bukod dito, pinatatawad na namin ang
lahat ng pagkakamali at pagkakasalang na-
gawa ninyo hanggang sa araw na ito gayundin
ang utang na buwis sa korona. Hindi na sisingilin
ang iba pang buwis na dating sinisingil sa Jeru-
salem. 40 Matatala ang sinumang may kaka-
yahan sa inyong mga tauhan para maglingkod
sa amin. At maghari nawa sa atin ang kapaya-
paan.”

41 Kayat lumaya sa pamatok ng mga pagano
ang Israel nang taong sandaa't pitumpu (142
B.C.). 42 Sinimulan nilang isulat sa kanilang mga
dokumento at kontrata: “Sa unang taon ni
Simon na Punong Pari, heneral at pinuno ng mga
Judio.”

43 Nagkampo naman si Simon noong mga
panahong iyon laban sa Gaza at pinaligiran iyon
ng kanyang hukbo. Nagtayo siya ng naililipat na
tore, dinala sa lunsod, sinalakay at sinakop ang
isang tore. 44 At pumasok sa lunsod ang mga
nasa naililipat na tore at lumikha ng matinding
pagkatakot.

45 Umakyat sa mga pader ang mga tagaroon
kasama ang kanilang mga maybahay at anak,
winarak ang kanilang kasuotan at malakas na
umiyak kay Simon at humingi ng kapayapaan.
Sinabi nila kay Simon: 46 “Huwag mong gawin sa
amin ang ayon sa aming kasamaan kundi ayon
sa iyong awa.” 47 Nakipagkasundo si Simon sa
kanila at di na nakipaglaban. Ngunit pinalayas
sila sa lunsod at nilinis ang mga bahay na
pinagtaguan ng mga diyus-diyusan. At puma-
sok siya sa lunsod habang umaawit ng mga awit
ng pasasalamat.

48 Pinatira niya rito ang mga taong sumu-
sunod sa Batas pagkatapos linisin ang lunsod sa
mga karumihan nito. Kinutaan niya ito at nag-
tayo siya rito ng bahay para sa kanyang sarili.

49 Hindi na makalabas o makapunta sa lupa-
ing Judio ang mga taga-Kuta sa Jerusalem para
mamili o magtinda. Kayat kinulang sila sa pag-
kain at marami ang namatay sa gutom. 50 Humi-
ngi sila ng kapayapaan kay Simon at ipinag-
kaloob naman niya ito sa kanila. Ngunit pina-
layas sila nito mula roon at nilinis ang Kuta at
pinalis ang lahat ng nagpapagunita ng pagtira
ng mga pagano. 51 Pumasok doon ang mga
Judio sa ikadalawampu't tatlong araw ng
ikalawang buwan ng taong sandaa't pitumpu't
isa samantalang umaawit at may dalang mga

sanga ng palma, sa saliw ng gitara, pompiyang at alpa; at may mga awit at imno sapagkat isang malaking salot ang naalis sa Israel. 52 Itinakda ni Simon na ipagdiwang taun-taon ang araw na ito. Pinakutaan niya ang burol ng Santuwaryo sa tabi ng Kuta at nanirahan siya doon, kasama ang kanyang mga tauhan.

53 Binata na si Juang anak ni Simon kayat hinirang siya ng kanyang ama na heneral na mamumuno sa lahat ng kawal at nanirahan si Juan sa Gazara.

**Matagumpay na pinamahalaan ni Simon ang Judea**

**14** 1 Tinipon ni Haring Demetrio ang kanyang hukbo nang taong sandaa't pitumpu't dalawa. Umusad sila pa-Media para humingi ng tulong para labanan si Tripon. 2 Nabalitaan ni Arasaces na hari ng Persia at Media na pumasok si Demetrio sa lupain niya kayat inatasan niya ang isa sa kanyang mga heneral na dakping buhay si Demetrio. 3 Lumusob ang heneral at nilupig ang hukbo ni Demetrio, dinakip at iniharap ito kay Arasaces saka ibinilanggo.

4 Nagkaroon ng kapayapaan sa Judea habang nabubuhay si Simon. Gumawa siya para sa ikabubuti ng kanyang lupain; naging kasiya-siya sa kanyang bayan ang kanyang paghahari at kaluwalhatian. 5 Sinakop niya ang Jope para madagdagan ang kanyang luwalhati at ginawa iyong pantalan para makipag-ugnayan sa mga pulo sa karagatan. 6 Dinagdagan niya ang hangganan ng kanyang lupain at naghari sa kanyang bansa. 7 Pinalaya niya ang maraming bihag, nilupig ang Gazara, Bet-zur at ang Kuta at inalis ang lahat ng paganong bagay na naroon. Walang sinumang nakalaban sa kanya.

8 Payapang binungkal ang kanilang bukirin; ibinigay ng lupa ang kanyang mga butil at ng mga puno ang kanilang mga prutas. 9 Tahimik na nakaupo sa plasa ang mga matatanda at pinag-uusapan ang kanilang kabutihan at nakasuot naman ang mga binata ng magagarang damit na pandigma. 10 Pinadalhan niya ng pagkain ang mga lunsod at pinatanuran ang mga iyon hanggang kumalat ang kanyang katanyagan sa mga dulo ng daigdig. 11 Naitatag niya ang kapayapaan sa lupain at nakamtan ng Israel ang malaking kaligayahan. 12 Nakaupo ang bawat isa sa lilim ng kanyang ubasan at puno ng igos at walang sinumang nakagambala sa kanila. 13 Walang kaaway sa lupain sapagkat nagapi na ang mga hari. 14 Sumandal sa kanya ang mga aba sa kanyang bayan, sinunod niya ang Batas at itinaboy ang mga taksil at masasama. 15 Ibinalik niya ang karangyaan ng Banal na Lugar at dinagdagan ang bilang ng mga banal na sisidlan.

16 Umabot sa Roma at Esparta ang balita tungkol sa kamatayan ni Yonatan at nagluksa rin ang mga tagaroon. 17 Ngunit nang mabalitaan nilang ang kapatid nitong si Simon ang humalili bilang Punong Pari at namumuno sa bansa at sa mga lunsod niyon, 18 sumulat sila kay Simon sa mga tansong lapida para buhaying muli ang pakikiisa at pakikipagkaibigan nila sa mga kapatid nitong sina Judas at Yonatan.

19 Binasa sa Jerusalem ang sulat sa harap ng buong kapulungan. 20 Ito ang kopya ng liham na ipinadala ng mga Espartano:

"Binabati ng mga pinuno at ng bayan ng Esparta si Simong Punong Pari, ang mga matatanda at mga pari, ang buong bayang Judio na mga kapatid nila. 21 Pinatalastasan kami ng mga sugong ipinadala ninyo sa aming bayan ng mga tagumpay at kasaganaan ng inyong bansa. Ikinagagalak namin ang kanilang pagdating. 22 Itinala namin ang kanilang pahayag sa katitikan ng kapulungan, tulad ng sumusunod: 'Naparito sina Neumeniong anak ni Antioko at si Antipater na anak ni Yason – mga sugo ng Judio – para buhayin ang pakikipagkaibigan sa amin. 23 Isang kasiyahan para sa bayan ang tanggapin sila at parangalan at ingatan ang isang kopya ng kanilang pahayag sa tipunan ng mga opisyal na kasulatan para maging alaala sa bayan ng Esparta.' At gumawa sila ng kopya nito para sa Punong Paring si Simon."

24 Pinapunta rin ni Simon pagkatapos nito si Neumenio sa Roma dala ang malaking gintong kalasag na tumitimbang ng sanlibong mina para pagtibayin ang kanilang pakikiisa sa mga Romano.

25 Nabatid ng bayan ang mga pangyayaring ito at sinabi nila: "Paano namin mapasasalamatan si Simon at ang kanyang mga anak? 26 Siya at ang kanyang mga kapatid at ang sambahayan ng kanilang ama ang nagpasigla sa ating pakikipaglaban; nakipaglaban sila sa mga kaaway ng Israel at napanumbalik nila ang kalayaan." 27 Kayat umukit sila sa mga tansong lapida at ikinabit ang mga iyon sa mga haligi sa Bundok Sion. Ito ang kopya ng nakasulat:

28 "Sa ikalabingwalo ng buwan ng Elul sa taong sandaa't pitumpu't dalawa na ikatlong taon ni Simong Punong Pari, 28 sa malaking kapulungan ng mga pari ng Israel, mga pinuno ng bansa at matatanda ng baya'y nagpapahayag:

29 'Nang nagaganap ang malimit na digmaan sa aming lupain, si Simong anak ni Matatias,

isang pari mula sa angkan ni Yoarib, at ang
kanyang mga kapatid ay isinuong sa panganib
ang kanilang buhay at nilabanan ang mga ka-
away ng kanilang bansa para mapangalagaan
ang Banal na Lugar at ang Batas at nagdala ng
dakilang luwalhati sa kanilang bansa. 30 Pinag-
buklod ni Yonatan ang bansa, at naging Punong
Pari siya at nakipag-isa siya pagkatapos sa
kanyang mga ninuno. 31 Nang balakin ng mga
kaaway na pasukin ang kanilang lupain para
sakupin ang kanilang Banal na Lugar, 32 bu-
mangon si Simon para ipaglaban ang kanyang
bansa. Ginugol niya ang kanyang sariling ka-
yamanan para makabili ng mga armas at ma-
suwelduhan ang mga sundalo ng kanyang
bansa.

33 Kinutaan niya ang mga lunsod ng Judea at
Bet-zur sa hangganan ng Judea na kinalalagyan
ng taguan ng mga armas ng kaaway at naglagay
doon ng garisong Judio. 34 Kinutaan din niya ang
Jope sa tabindagat at ang Gazara sa mga hang-
ganan ng Asdod na dating tinitirhan ng mga
kaaway, at nagtatag doon ng mga kolonyang
Judio at pinagkalooban ang mga lunsod na ito
ng mga kailangan nila. 35 Nakita ng bayan ang
katapatan ni Simon at ang luwalhating ipina-
ngako sa kanyang bansa. Hinirang nila si Simon
bilang kanilang pinuno at Punong Pari dahil sa
kanyang mga gawa, dahil sa katarungan at
katapatang ipinakita niya sa kanyang bansa at
dahil sa hangarin niyang itaas ang kanyang
bayan sa lahat ng paraan.

36 Napaalis sa lupain ang mga pagano nang
kapanahunan niya laluna sa Jerusalem na lun-
sod ni David, na pinagtayuan nila ng isang kuta
at doon nilapastangan ang kapaligiran ng Banal
na Lugar at dinungisan ang kabanalan niyon.
37 Doon niya pinatira ang mgasundalong Judio
at kinutaan iyon para sa kaligtasan ng rehiyon at
ng lunsod at tinaasan ang mga pader ng Jerusa-
lem. 38 Pinagtibay ni Haring Demetrio ang kan-
yang puwesto bilang Punong Pari dahil dito,
39 ginawa siyang isa sa mga Kaibigan nito at
binigyan ng mataas na karangalan, 40 sapagkat
nabalitaan niyang itinuturing ng mga Romano
na kaibigan, kaisa at kapatid ang mga Judio, at
tinanggap at pinarangalan ang sugo ni Simon."

**Simon: punong-pari at diktador**

41 Isinaalang-alang din ng hari na nag-
kasundo ang mga Judio at ang mga pari
na gawing pinuno at Punong Pari nila si
Simon hanggang lumitaw ang propetang
mapagkakatiwalaan.
42 Gusto nilang siya ang maging hene-
ral ng mga ito at pangasiwaan ang Banal
na Lugar at humirang siya ng mga mama-
mahala sa mga gawain, mangangasiwa
sa bansa, sa hukbo at sa mga tanggulan.

43 Gusto rin nila na sundin siya ng lahat
at taglayin ng lahat ng kasulatan ang kan-
yang pangalan at magsuot siya ng kulay
ube at gumamit ng mga palamuting ginto.

44 Walang sinuman sa mga taumbayan
o sa mga pari ang papayagang lumabag
sa mga tagubiling ito o suwayin ang kan-
yang mga utos, o bumuo ng kapulungang
wala siyang pahintulot, o magsuot ng
kulay ube o gumamit ng gintong alpiler.
45 Parurusahan ang sinumang tumutol sa
mga pasyang ito o lumabag sa alinman sa
mga ito.

46 Nagkaisa ang bayan na ipagkaloob
kay Simon ang karapatang magpasya
ayon sa mga tagubiling ito. 47 At tinang-
gap ni Simon ang puwesto at pumayag na
manungkulan bilang Punong Pari, hene-
ral, pinuno ng mga Judio at ng mga pari,
at pamunuan ang lahat."

48 Ipinasya nilang iukit sa mga tansong
lapida ang kautusang ito at ilagay sa isang
dakong nakikita ng lahat sa Banal na
Lugar, 49 at ilagay ang mga kopya nito sa
kabang-yaman ng Templo para magamit
ni Simon at ng kanyang mga anak.

15 1 Ipinadala ni Antioko na anak ni Deme-
trio mula sa pulo sa dagat ang sumusu-
nod na liham kay Simong Punong Pari at pinuno
ng mga Judio, 2 gayundin sa buong bansa:
"Kapayapaan ang bati ni Haring Antioko kay
Simong Punong Pari at Pinuno, at sa bansang
Judio!

3 Sapagkat inagaw ng masasamang tao ang
kaharian ng aming mga ninuno, 4 binabalak ko
ngayong mabawi iyon at muling maitatag tulad
ng dati. Natipon ko na ang malaking hukbo at
nalagyan ng mga kagamitan ang mga barkong
pandigma para makalunsad sa bansa at ma-
kapaghiganti sa mga nagwasak ng aming lupain
at nagpaguho ng maraming lunsod sa aking
kaharian. 5 Kayat ngayon, pinagtitibay ko para
sa iyong kapakanan ang pagkalibre sa lahat ng
buwis at ang lahat ng karapatang ipinagkaloob

sa iyo ng aking mga sinundan. 6 Binibigyan kita
ng kapangyarihang gumawa ng sarili mong
pera para sa iyong bansa. 7 Tinatanggap ko ang
awtonomiya ng Jerusalem at ng Banal na Lugar;
iyo ang lahat ng sandatang nilikha mo, gayundin
ang mga tanggulang ipinatayo mo at lahat ng
iyong nasakop. 8 Pinawawalambisa ko mula sa
araw na ito ang lahat ng utang sa hari at lahat pa
ng magiging utang mo sa hinaharap. 9 At kapag
nabawi ko na ang aking kaharia'y gagawaran
kita ng malaking karangalan gayundin ang
iyong bansa at ang Santuwaryo, at matatanyag
ka sa buong daigdig."

10 Nagpunta si Antioko sa taong sandaa't
pitumpu't apat sa lupain ng kanyang mga ni-
nuno at umanib sa kanya ang lahat ng hukbo at
iilan lamang ang naiwan kay Tripon. 11 Hinabol
ni Antioko si Tripon at nagkanlong ito sa Dor sa
tabindagat. 12 Alam nga ni Tripon kung gaano
kalubha ang kanyang kalagayan at tinalikuran
pa siya ng kanyang hukbo. 13 Nagkampo si
Antioko sa tapat ng Dor kasama ang sandaa't
dalawampunlibong sundalo at walunlibong ka-
bayuhan. 14 Pinaligiran niya ang lunsod at suma-
lakay naman ang mga bapor galing sa dagat.
Ganap na napaligiran ang lunsod sa lupa at sa
dagat at walang sinumang makalabas o maka-
pasok.

15 Dumating mula sa Roma si Neumenio at
ang kanyang mga kasama na dala ang mga
sulat para sa mga hari at mga bansa na nag-
sasaad ng ganito: 16 "Kapayapaan kay Haring
Tolomeo mula kay Luciong konsul ng mga
Romano! 17 Dumating ang mga sugo ng mga
Judio na ipinadala ng Punong Pari at ng bansang
Judio bilang mga kaibigan at kakampi namin
para buhaying muli ang dati nating pakiki-
pagkaibigan at pakikiisa.

18 Dinalhan nila tayo ng gintong kalasag na
tumitimbang ng sanlibong mina. 19 Ikinasisiya
naming sulatan ang mga hari at bayan na hindi
nila dapat pinsalain ang mga Israelita o sala-
kayin ang mga ito, ang mga lunsod o lupain ng
mga ito, o makiisa sa mga kaaway. 20 Tinatang-
gap namin nang buong kasiyahan ang kalasag
na ipinadala nila sa amin. 21 Ngayon, kung may-
roong masasamang Judiong tumakas sa kani-
lang lupain papunta sa inyo, ibigay mo sila sa
Punong Paring si Simon para maparusahan sila
ayon sa kanilang Batas."

22 Ipinadala rin ang nasabing sulat kina Ha-
ring Demetrio, Atalus, Ariarates at Arasaces,
23 at sa lahat ng bansa, sa mga Sampsami sa
mga Espartano, sa Delos, sa Mundo, sa Sicione,
sa Caria, sa Samos, sa Pampilia, sa Licia, sa
Halicarnaso, sa Rodas, sa Paselida, sa Kos, sa
Side, sa Arados, sa Gortina, sa Gnido, sa Chipre
at sa Cirene. 24 Nagpadala rin sila ng mga kopya
ng mga sulat na ito kay Simong Punong Pari.

**Panibagong pakikidigma sa Siria**

25 Nagkampo si Haring Antioko sa tapat ng
Dor, sa bagong distrito, at walang tigil na nagpa-
padala ng kanyang mga batalyon laban dito at
gumagawa ng mga makinang pandigma. Na-
sukol niya si Tripon na di na makalabas o
makapasok. 26 Pinadalhan siya ni Simon ng
dalawang libong piniling tauhan para makatu-
long niya sa pakikipaglaban, bukod sa pilak,
ginto at mga kagamitan. 27 Ngunit di iyon ti-
nanggap ni Antioko; sa halip pinawalang-bisa
ang lahat ng kaluwagang ipinagkaloob niya kay
Simon at ipinahayag na kaaway ito. 28 Sinugo
niya si Atenobiong isa sa kanyang mga Kaibi-
gan, para makipagkita rito at sabihin: "Sinakop
mo na ang Jope, Gazara at ang Kuta ng Judea
na mga lunsod ng aking kaharian. 29 Iginuho mo
ang lupain at sinalanta ang lupa, at kinubkob mo
pa ang maraming bayan sa aking kaharian.

30 Kayat ibalik mo ang mga lunsod na inagaw
mo at ang mga buwis sa mga lugar na sinasakop
mo ngayon hanggang sa kabila pa ng Judea.
31 O bayaran mo ako ng limandaang talento ng
pilak para sa kapinsalaang ginawa mo at liman-
daang talento pa para sa mga buwis ng mga
lunsod. Kung hindi, didigmain kita."

32 Dumating sa Jerusalem si Atenobiong
Kaibigan ng hari. Nakita niya ang kaningningan
ni Simon, ang mga platong ginto at pilak at ang
karangyaang nakapaligid dito, at nagulat siya.
Ngunit inihatid din niya ang mensahe ng hari.
33 Sumagot si Simon: "Wala kaming sinakop
na lupaing banyaga o inagaw na anumang ari-
ariang dayuhan: pamana ito ng aming mga
ninuno. Ang aming mga kaaway ang umagaw
sa mga ito sa maikling panahon, 34 pero nga-
yong may maganda kaming pagkakataon,
binabawi lamang namin ang pamana ng aming
mga ninuno.

35 Sinalanta ng Jope at Gazara na inyong
inaangkin ang aming bayan, at natiwangwang
ang aming mga lupain; ngunit nakahanda ka-
ming magbigay sa iyo ng sandaang talento para
sa mga ito."

36 Walang sinabing anuman si Atenobio, ngu-
nit galit na galit na nagbalik sa hari, at iniulat ang
sagot ni Simon. Sinabi rin niya sa hari ang
kaningningan ni Simon at lahat ng nakita niya.
Kayat lalong nagalit ang hari.

37 Tumakas naman si Tripon pa-Ortosiada
sakay ng isang barko. 38 Hinirang ng hari s
Cendebeo bilang heneral at ipinagkaloob dito

ang mga lakad at kabayuhang kawal. 39 Iniutos niyang magkampo sa harap ng Judea, itayong muli ang Kedron at tibayan ang mga pintuan niyon at labanan ang bayan. At ipinagpatuloy ng hari ang paghabol kay Tripon. 40 Dumating si Cendebeo sa Jamnia at sinimulang guluhin ang bayan. Sinalakay niya ang Judea, kumuha ng mga bihag at pinatay ang mga iyon. 41 Nilagyan niya ng tanggulan ang Kedron, at naglagay siya ng mga kabayuhan ng sundalo at hukbo roon para magtanod at patrolyahan ang mga kalsadang pa-Judea tulad ng iniutos sa kanya ng hari.

**16** 1 Umahon si Juan mula sa Gazara para ikuwento sa kanyang ama kung ano ang ginagawa ni Cendebeo. 2 Kayat tinawag ni Simon ang kanyang dalawang nakatatandang anak na sina Juan at Judas at sinabi: "Nakipaglaban ako at ang aking mga kapatid at ang sambahayan ng aking ama sa mga kaaway ng Israel mula pa sa aming kabataan hanggang sa araw na ito. At maraming ulit naming napalaya ang Israel. 3 Ngunit matanda na ako ngayon, samantalang kayo – salamat sa Langit – husto na ang mga isip. Halinhan na ninyo ako at ang aking kapatid, at humayo kayo at ipakipaglaban ang ating bayan. Samahan nawa kayo ng tulong ng Langit!"

4 At pumili siya ng sanlibong kawal at kabayuhan mula sa lupain. Umalis ang mga ito para labanan si Cendebeo. At pinaraan nila ang gabi sa Modin. 5 Maaga silang gumising kinaumagahan at umusad sa kapatagan. At nakita nila kung gaano kalaki ang hukbo, ang mga sundalong lakad at mga kabayuhan na palapit sa kanila.

6 May batis sa pagitan nila, at nagkampo si Juan kasama ang kanyang mga kawal sa harap nila. Nakita niya na natatakot ang kanyang mga tao na tumawid sa batis kayat siya ang unang tumawid. Nakita ito ng mga tao at sinundan siya. 7 Hinati niya sa dalawang pangkat ang kanyang hukbo at itinalaga ang mga kabayuhan sa gitna sapagkat makapal ang mga kabayuhan ng kaaway.

8 Pinatunog nila ang trumpeta, at nagapi si Cendebeo at ang hukbo nito. Marami sa mga iyon ang napatay, at tumakas ang mga nalabi papunta sa tanggulan. 9 Nasugatan si Judas na kapatid ni Juan, ngunit hinabol ni Juan ang mga kaaway hanggang dumating si Cendebeo sa Kedron na kinutaan nito. 10 Tumakas din ang mga kaaway hanggang sa mga tore sa kabukiran ng Asdod, ngunit sinunog ni Juan ang mga iyon. Mga dalawang libo sa kaaway ang napatay. At ligtas na nagbalik sa Judea si Juan.

**Pinatay si Simon**

11 Si Tolomeong anak ni Abubos ang naging heneral na namumuno sa kapatagan ng Jerico. 12 Marami siyang pilak at ginto, at manugang pa siya ng Punong Pari. 13 Naging palalo siya at inisip na maging pinuno ng kanyang bansa. Naghahanap siya ng paraan para maalis si Simon at ang mga anak nito. 14 Kasalukuyang naglilibot noon si Simon sa mga lunsod ng Judea at inaasikaso ang pangangasiwa sa mga iyon. Sa ikalabing-isang buwan na tinatawag na Sebat, sa taong *sandaa't pitumpu't pito* (177 B.C.) nagpunta si Simon sa Jerico kasama ang kanyang dalawang anak na sina Matatias at Judas.

15 Pataksil silang tinanggap ng anak ni Abubos sa maliit na kuta na tinatawag na Doc, na siya ang nagtayo. Hinandugan niya ang mga ito ng marangal na handaan, ngunit may ikinubli siyang mga tauhan. 16 Nang lasing na si Simon at ang kanyang mga anak, kinuha ni Tolomeo at ng mga tauhan nito ang mga sandata at sinalakay si Simon sa gitna ng handaan. Pinatay ni Tolomeo si Simon at ang dalawang anak nito at ilan sa mga alipin niya. 17 Kayat nakagawa si Tolomeo ng malaking kataksilan, ginantihan ng masama ang mabuti.

18 At nagmamadali si Tolomeong nagpadala ng sulat sa hari para ibalita ang nangyari, at hiniling niya kay Antioko na magpadala ito ng hukbo at tulungan siya para mapasakanya ang mga lunsod at ang buong bansa. 19 Nagpadala rin siya ng iba pang kawal sa Gazara para patayin si Juan, at hiningi sa namumuno sa mga sundalong Judio sa pamamagitan ng sulat para kumampi na sa kanya, at pinangakuan niya ito ng pilak, ginto at mga regalo. 20 At ang mga iyon sapagkat alam na niya ang layunin ng mga iyon.

23 Ang iba pang ginawa ni Juan, ang kanyang mga pakikipaglaban, ang kanyang mga tagumpay, ang mga pader na itinayo niya at ang iba pa niyang nagawa 24 ay nasusulat sa mga aklat ng kanyang pagpapari mula sa araw na humalili siya sa kanyang ama bilang Punong Pari.